Second, parang ang saya ko na hindi. Yes, masaya ko dahil nakilala ko na si gwapo pero parang nawala saya ko ng makita kong kasama niya si Seohyun especially kanina sa Shop. Hindi ko alam pero parang ang sikip sa dibdib.

Third, si kuya. Oo, siya nga. Parang kakaiba siya ngayon. Di niyo ba napansin? Well, pansin na pansin ko. Parang sobrang seryoso niya ngayon. Alam niyo kasi, hindi naman siya ganyan. Madalas niya nga ko asarin di ba? Ano kaya nangyari dun? Feeling ko tuloy ibang tao kausap ko kanina. Alam niyo yun? Basta, iba talaga siya ngayon ee.

And lastly, well this is actually a question. Bakit parang iba tibok ng puso ko everytime I see Lay? Yung heartbeat ko, hindi siya normal. Oh well, inaamin ko naman na nalaglag panga ko sa kagwapihan niya at crush ko siya. Honestly, siya ang kauna-unahang lalaki na pinag-interesan ko. It's not what you

think, I mean siya lang yung first guy na na-attract ako. Gets niyo ba? Pero bakit ganon? Bakit parang hindi lang crush yun? Bakit parang inlove na ko sa kanya? Kung inlove man ako, well first time ko to. Tingin niyo ba inlove na ko sa kanya? So ano yun, love at first sight?

Hayy! Okay lang naman kung na-love at first sight ako sa kanya ee. Ang kaso mali. Maling-mali. Maiinlove lang ako, sa maling tao pa. May girlfriend na siya so dapat hindi ko na guluhin di ba? Ayokong manggulo ng isang relasyon kaya kung ano man tong nararamdaman ko, ngayon pa lang ititigil ko na. Iyon naman talaga dapat kong gawin di ba?

I sighed then closed my eyes. Kahit gaano kahirap, pinilit ko ang sarili ko na matulog. Good thing, nagawa ko naman. Yun nga lang, mga past 2am na un pero at least nakatulog na.

Kinabukasan. Tulad ng dati, ang kambal ko ulit ang gumising saken. Ewan ko ba, di talaga ko sanay gumising ng maaga e. Maaga man o late na ko matulog, ganon pa rin.

Nagising naman agad ako. Pasalamat siya, di ako nananaginip kung hindi makakarinig na naman siya saken ng sermon.

"Good morning!" I greeted him. Inikot lang niya ang mga mata niya sabay sabing, "Bumaba ka na nang makakain na tayo ng breakfast." pagkasabi niya non, lumabas na siya ng kwarto at bumaba na.

"Psh! Siya pa rin ang Sungyeol na kilala ko dati. Bakit ko ba naisip na parang nagbago siya? Tsk! I guess I'm wrong again." I mumbled myself bago ako sumunod sa kanya sa baba.

Pagkababa ko, nakita ko siyang nakaupi na sa usual place niya. Ako naman, lumapit sa kanya then sat across him.

Di pa man ako nakakaupo e

nagsimula na kumain tong taong to. Ano pa nga ba inaasahan ko? Natural, di ako hihintayin neto! Napaka-sweet na kuya. Hayy!

Since inumpisahan na rin naman niya ang breakfast niya, inumpisahan ko na rin ang akin. Nakakaisang subo pa lang ako e nagsalita na siya which made me stopped from eating.

"May nangyari ba sa'yo kagabi?"

Napatingin ako sa kanya pero hindi naman siya nakatingin saken. Naka-focus lang siya sa food niya pero alam kong hinihintay niya ang isasagot ko.

"Walang nangyari. Mejo napagod lang. You know, pag si Tao kasi nakasama mo nakakapagod talaga. Isang taon lang ang agwat namin pero parang super isip bata pa ng isang yon!" sagot ko na natatawa.

Tinignan niya lang ako na parang may laman o kumbaga, parang may nais ipahiwatig. Natigilan ako. Nawala yung ngiti sa mga labi ko.

"Bakit ganyan ka makatingin?" tanong ko sabay yuko at subo ulit.

"Kung makatawa ka, kala mo totoo."

Sa sinabi niyang yon, lalo akong natigilan. Para akong nanigas sa kinauupuan ko. Tawa ko daw hindi totoo? Parang imposible. Lahat ng tawa ko totoo at kilala ako as 'Always happy girl'. Alam niyo naman yun di ba? Sabihin niyo nga, fake ba talaga yung tawa ko kanina?

Tatanungin ko sana tong si Sungyeol about dun kaya lang bigla siyang tumayo. "Bilisan mo jan, mauna na ko." tapos nun, umalis na siya.

I made a face. Iwan ba naman ako dito? Binilisan ko na lang ang pagkain ko then followed him.

"Sungyeol, wait lang!" I tried to

catch him and luckily, naabutan ko naman siya. "Grabe ka, di mo lang man ako hinintay." sabi kong mejo hinihinal.

"Ewan ko sayo." then umalis na ulit siya.

Aba, ano nangyari don? Grabe a, kala mo di ko kakambal kung makaasta e noh? Kakainis lang siya!

Sinundan ko pa rin siya at syempre naabutan ko siya ulit. "Hoy, ano ba nangyari sa'yo? Bakit ba ang badtrip mo ngayon?" tanong ko.

Tiningnan niya ko at alam niyo kung anong sinabi niya? Yung sinabi niya, talaga namang sapul ako!

"Nababadtrip ako kasi ang FAKE mo!" tapos alis na ulit siya.

Hindi ko na ulit siya nahabol kasi parang nahirapan ako gumalaw after kong marinig yung sinabi niya. Ano daw? Ako? Fake? Bakit naman?

Ngayon, nandito na ko sa classroom. Wala pa rin Jiyeon. Siguro busy pa siya sa boyfriend niya. Hayy!

Dahil nga wala pa bestfriend ko, bigla na naman pumasok sa isip ko yung sinabi ng kambal ko. Fake daw ako ee. Gusto kong mainis pero bakit parang tinamaan ako don? Alam mo yun? Sapul e. Nakakainis lang kasi parang feeling ko mas naiintindihan niya ang nararamdaman ko kaysa sa sarili ko. Ewan ko, gulong-gulo talaga ko e.

Maya-maya, may bigla akong naramdaman na kumalabit saken. Dahil don, I snapped out all my thoughts on my head. Lumingon ako sa taong kumalabit saken.

"Good morning Hyesu!" ngiting bati ni Lay.

Oo, siya nga yung kumalabit saken. Hindi ko napigilan ang sarili ko kaya naman napangiti

ako. "Good morning din Lay." Hayy! Ewan ko ba, alam ko namang mali tong nararamdaman ko e. Pero kasi naman e. Di ko siya kayang di pansinin. Siguro naman, hindi masamang maging friend niya di ba?

"Where's your friend?" tanong niya then umupo na siya sa chair niya.

"Who?"

"That Jiyeon girl?"

Yung bibig ko, nag-formed ng letter O sabay tumango. Pero before ko pa sagutin yung tanong niya, narinig ko na boses ni Jiyeon.

"Hyesu!"

I turned around then nakita ko siyang masiglang umupo sa kanan ko. "Jiyeon.." yun lang ang lumabas sa bibig ko.

"Good morning Jiyeon." bati ni Lay.

"Good morning din sa'yo, Lay." ngumiti si Jiyeon sa kanya then lumapit saken ng konti sabay bulong, "Nakakaistorbo ba ko sa inyo?"

Umiling ako, "Hindi, ano ka ba."

"Sure ka? E di ba crush mo siya? Gusto mo alis muna ako?"

Umiling ulit ako, "Crush ko lang naman siya saka may girlfriend na yan."

Lumaki ang mga mata ni Jiyeon, "Ano? May girlfriend na?" mejo napalakas ata ng konti ang pagkakasabi ni Jiyeon nun kaya biglang napatingin si Lay samin.

Pilit akong ngumiti then looked back at Jiyeon, "Ano ba, hinaan mo boses mo."

"Sorry. Pero teka, sino girlfriend niya?"

Bago pa kp sumagot sa kanya, biglang nagsalita si Lay. "Is there something wrong?"

Tumingin ako sa kanya at umiling. "Wala, wala." then I looked back to Jiyeon at binulong, "Maya ko na sabihin sa'yo."

Sakto namang pagkasabi ko nun, dumating na si Mrs. Yoon. Then nag-start na class namin. Di ko na ulit nakausap si Lay at kahit si Jiyeon. Naka-focus na kasi sila sa class. Sa akin naman, gusto ko man mag-focus ayaw naman ako sundin ng utak ko. Parang lumulutang kasi isip ko e. Basta, parang walang gana makinig sa kung anumang ang sinasabi ni Mrs. Yoon.

Natapos ang first class ko na wala akong natutunan. Wala talaga e. Absentminded ako ngayon.

Ilang oras lang, narinig ko na ang bell for lunch. Well, this is my favorite time. Sino ba namang ayaw di ba? Plastic lang yun kung meron man.

Pagkalabas namin ni Jiyeon ng classroom, nakita naman naming nag-aabang na si Myungsoo sa may pinto. "Hi, babe." the he kissed Jiyeon on the cheek. Tsk! Sobrang sweet, pwede na silang langgamint!

Nakita ko namang ngumiti si Jiyeon. Hayy! Iba na inlove! Tumingin siya saken, "Tara na?"

"Mauna ka na, magsi-CR pa ko e. Dun na lang tayo magkita." sabi ko.

Tumango siya then umalis na sila ng lover niya. Pagkaalis na pagkaalis nila, dumeretso na ko sa way papuntang CR.

Nakakailang hakbang pa lang ako, may bigla namang nahagip ang mga mata ko. Nakita kong hinalikan ni Hoya (one of my twin brother's friend) si...

Wait! Si Seohyun? Yung girlfriend ni Lay? Yes, siya nga! Hinalikan ni Hoya si Seohyun sa cheek. Well, it's only a peck pero kahit na. Nagtago naman agad ako. Ilang sagit lang,

nakita kong tumatakbo si Seohyun palayo.

I shook my head. Malamang ninakawan ni Hoya ng halik yun. Tsk! Napakababaero talaga ng lalaking yon! Kahit may boyfriend na yung tao, nagnanakaw pa ng halik. Pano kaya naging kaibigan ng kambal ko yun?

I shrugged that thought off of my head then ipinagpatuloy ko na ang lakad papuntang CR. Sakto namang paghakang ko ng paa ko, bigla akong nadulas. Napapikit na lang ako, naghihintay na makaramdam ng sakit. Luckily, may nakasalo saken. Pero sino?

Dahan-dahan, iminulat ko ang mga mata ko. Guess what? Nakita ko ang demonyo sa harapan ko, nakangiti. Oo, demonyo nga. Sino pa ba? E di si Hoya! Bwiset lang.

Dali-dali ko siya tinulak palayo saken dahil ayokong malapit siya saken. Sa totoo lang, ni makita tong taong to ayoko din e.

"Wow! Makatulak ka a. Pasalamat ka nasalo kita. Sexy ka pa naman. Sayang lang kung mabalian ka." sabi niyang may ngiti pa rin sa mukha. Pero ngiting demonyo yun.

I glared at him saka iniwan siya ng walang sinasabi. Ayoko siyang kausap, okay? Ang babaero na nga, manyak pa. Pambwiset ng araw! Hindi ko siya nilingon hanggang sa marating ko ang CR.

CHAPTER 6

After ko mag-CR, dumeretso na ko sa canteen para makipagkita sa mga friends ko. Sa hindi inaasahan, nakasabay ko pa ang nagsisimulang sumikat na couple dito sa school. Sino pa ba? E di si Lay at Seohyun.

"Hello Hyesu." bati ni Lay with smile. I smiled back. Shit lang! Ang gwapo niya talaga! Hayy! Ano ba to! May girlfriend na nga

yung tao, pinagnanasahan ko pa. Aish!

"Hello Hyesu!" this time, si Seohyun naman yung bumati saken.

Wow a! Close na ba kami? Nakita kong nakangiti siya saken. Hindi maipagkakaila, ang ganda niya talaga at bagay na bagay sila ni Lay. At alm niyo ba, iyon ang kinanainis ko kasi kahit anong gawin ko, di ko siya malalamangan.

Ngumiti na lang ako, "Hello din Seohyun."

"Gusto mo sabay ka samín maglunch?" tanong pa niya.

Ayan din ang ayoko sa kanya. Ang bait-bait. Anh hirap tuloy magalit sa kanya.

Umiling ako, "Naku hindi na. Hinihintay na rin ako ng mga kaibigan ko e. Next time na lang siguro but thanks sa pag-alok."

Ngumiti ulit siya, "O sige. Sana makasabay ka rin namim next time. Di ba babe?" tumingin siya kay.

Tumingin din ako kay Lay at nakita ko siyang ngumiti saken at tumango. "Asahan ko yung next time ha?"

Napatango na lang ako sa kanya. Ang gwapo e. Ang hirap tumanggi. "Sige next time. Una na ko, bye!" nag-wave muna ako bago ako umalis.

Habang naglalakad ako papunta sa usual place namin ng mga friends ko, napalíngon ulit ako sa likod ko. Ayon! Kumirod na naman ang puso ko. Nakita ko silang nakaupo na at nagngingitian. Dapat nga mas maging masaya ko di ba? Dapat masaya na ko kasi alam kong mabait ang naging girlfriend ng kauna-unahang crush ko. Pero bakít ang hirap maging masaya.

BUUUGSSSS!

Dahil sa hindi ako nakatingin sa dinadaan ko, may bigla akong nabungo. "Sorry." sabi ko

habang nakayuko.

"It's okay babe." sabi ng nabunggo ko.

Ano daw? Babe? What the?! Napaangat ang ulo ko after kong marinig ang word na yun. Nanlaki ang mga mata ko. Putek! Si Hoya na naman. Ano bang nangyayari sa mundo ngayon? Lumiliit na ata e. Dalawang bese na nagtatagpo ang landas na namin a. Bwiset lang!

I rolled my eyes, "Babe your face!" pagkasabi ko nun, dinaanan ko na siya with matching tabig pa sa braso niya. Kaasar e! Panira ng araw. Sira na nga, lalo pang sisirain!

I could see him smirked at the corner of my eyes but I don't care. Kahit buong araw niya pang wag tanggalin yang smirk sa mukha niya. Pake ko ba?

Nakasimangot akong umupo sa pwesto ko pagkadating ko kala Xiumin.

"Oh? Ano nangyari sa'yo?" tanong agad ni Xiumin. "Si Hoya kasi nakakabwiset yung pagmumukha."

"Psh! Di ka pa nasanay."

"Sanay na sanay na nga e! Sa sobrang sanay, nakakasira ng araw."

Nagulat ako kasi biglang tumawa si Chen. Napatingin ako sa kanya, "Ano nangyari sa'yo? May nakakatawa ba?"

"Oo, ikaw."

Inirapan ko nga, "Ewan ko sa'yo Chen. Kahit kailan talaga ang hirap mo intindihin."

"Nagsalita ang hindi."

Natigilan ako dun. Ano daw? Tiningnan ko siya ng masama, "Anong gusto mong sabihin?"

He shrugged, "Wala naman."

Nakatingin pa rin ako sa kanya pero nakangiti lang siya saken. Hindi ko mapaliwanang yung

ngiti niya. Iba e. Iba talaga.

"Hoy, tigilan niyo na nga yan. Kumain na lang tayo." sabat ni Luhan. "Tama, tama! Kain na lang tayo!" sang-ayon ni Xiumin.

Binatukan ko nga.

"Aray! Bakit mo ko binatukan?"

"E ang takaw mo e! Puro na lang pagkain nasa isip mo."

He pouted. I just rolled my eyes.

"Ano ba! Kumain na lang tayo pwede?" sabi ni Kris. Tumango ako at tumingin kay Tao, "Oh, alam mo na gagawin mo."

Hindi ko na kailangan pang ipaliwanag, tumayo na agad si panda at umorder ng pagkain namin. Ilang sandali lang, bumalil na siya at kumain na kami.

Pagkatapos ng lunch, si Jiyeon na ulit ang kasama ko.

"Hyesu."

"Hmm?"

"About dun sa girlfriend ni gwapo, si Seohyun ba yung tinutukoy mo? Nakita ko kasi silang magkasama kanina at ang sweet pa sa isa't isa."

Wow a! Ang sakit nun! Sapul na sapul ang heart ko!

"Oo, siya nga." walang gana kong sagot.

"Okay ka lang ba?" I nodded at her question.

"Sure ka? Parang ang tamlay mo pagkatapos kong banggitin yun?" tanong niya pa.

Tumingin ako sa kanya at ngumiti ng malawak. Kahit tila ko ewan ayos lang. Mapakita ko lang na okay ako. "Ano ka ba! Okay na okay ako noh! Badtrip lang talaga ko kay Hoya lang talaga ko kay Hoya kanina!" Ayon! Nakahanap ng dahilan. Ang galing kp talaga

magsinungaling.

"Oh? Ano naman ginawa ni Hoya?"

"Ilang beses ko na kadi nakakabangga yun ngayong araw e. Nakakasira lang ng araw. Alam mo namang iwas ako dun di ba?"

"Ahhh! Hayaan mo na yun. Tara na, baka ma-late pa tayo." hinila niya na ko papasok sa classroom at hinayaan ko na lang siya. Wala na rin naman akong gana magreklamo ee.

Rinig na ang tunong ng bell sa buong school. It's now time para umuwi. As usual, sinundo na naman ni Myungsoo ang bestfriend ko. Ano pa bang bago di ba?

So eto ako ngayon, naglalakad mag-isa pauwi. Maya-maya, bigla akong napahinto. Parang ayoko pa kasi umuwi. Naisipan ko na lang dumeretso sa mall. Namiss ko rin mag-ikot-ikot dun. Mga ilang weeks na rin akong di napupunta dun ee.

Pagkarating na pagkarating ko sa mall, pumunta agad ako sa ladies section. Syempre, babae ako e. Yun talaga pupuntahan ko. Alangan namang mens section di ba? DUH!

Tumingin-tingin lang ako dun ng mga damit. Hanggang tingin lang naman ako e, wala kong budget e. Saka na lang pag nagkaperana. Kailan kaya yun? Hayy!

Habang tumitingin ako ng mga damit, may bigla naman akong narinig na boses na tumawag saken. "Hyesu?"

Napaangat ang ulo ko at di ko mapigilang di ngumiti sa sight na nasa harap ko. Alam niyo na siguro kung sino siya. Sino pa ba?

"Oh.. Lay ikaw pala."

"Namimili ka ba?"

Umiling ako, "Naku hindi.

Tumitingin-tingin lang ng mga damit."

"Ha? What do you mean tumitingin-tingin?" tanong niya. Halatang di niya na-gets pero ayos lang. Gwapo pa rin naman siya e.

"Ano, parang tinitingnan lang yung mga price ng damit para mapag-ipunan at mabili ko na next time."

Nag-formed ng letter O yung bibig niya then he nodded.

Ang cute! Tae talaga tong lalaking to! Kahit anong gawin tila hindi na papangit. Gwapo talaga! Makalaglag party! Joke lang. Di naman malalaglag ang party ko, masikip ang garter ee. Haha!

"Kumain ka na ba?" tanong niya.

Oh my god! Wag mong sabihing yayayain mo ko? Ane be? Kekeinis ke! Eeeeeee kinikilig tuloy ako!

"Hyesu?" tawag niya saken.

"Eh?"

"I'm asking you kung kunain ka na?"

Umiling ako agad, "Hindi pa. Ikaw ba?"

"Hindi pa rin."

Shit! Mukhang sabay pa kami kakain neto a. Well, ayos na ayos saken yun. Wait, asan kaya si Seohyun na girlfriend niya?

"Hmm Lay, wala ka bang kasama?" tanong ko.

"Babe!"

Pareho kaming napalingon ni Lay sa pinangagalingan ng boses. At ayon nga! Si Seohyun ang tumawag sa kanya at papalapit na siya samin. Hayy! Sabi ko nga may kasama ka e.

"Oh hello Hyesu! Nandito ka rin pala."

Ay hindi te! Statue ko lang tong nakikita mo tapos may nagtayo dito para makausap mo. DUH! Syempre nandito din ako, nakikita mo nga e!

Ngumiti lang ako, "Oo. Ikaw rin pala." akala ko kasi masosolo ko na si papa Lay. Panira ka lang te!

Tumingin si Seohyun kay Lay at niyakap ang braso niya. Lintek na babae to a! Nakakainis na a! "Babe, tara na. Nagugutom na ko e." Tumango naman si Lay, "Sige." then tumingin siya saken, "Di ba hindi ka pa kumakain?"

I nodded.

"Gusto mo sumama samin?"

"Oo nga sama ka na samin. Eto na siguto yung time para masabayan mo kami sa pagkain. Gusto rin kasi sana kita makilala ng maigi. I want my boyfriend's friend to be my friend too." dagdag ni Seohyun.

Ay talaga naman! Oo na, alam ko ng boyfriend mo siya, kailangan pa ipamukha saken? Bwiset lang a! Ayoko ko maging masama kaya lang nakakainis talaga e! Hay naku! Sana masama na lang tong Seohyun na to para naman di ako makonsensya pag sinabunutan ko. Aish!

"Ano sama ka na?" tanong ulit ni Lay.

"Tara na sama ka na. Mukhang wala ka rin naman kasama e." dagdag ulit ni Seohyun. Hilig dumagdag neto e noh?

Sasagot na sana ako kaya lang may biglang nagsalita at hindi ko naman inaasahan yun.

"Sorry pero ako ang kasama niyang kakain ngayon."

CHAPTER 7

"Sorry pero ako ang kasama niyang kakain ngayon."

Bigla akong napaligon sa tabi

ko. Nagulat na lang ako nang makita ko si Chen na nakaakbay na saken. Di ko inaasahan na sa kanya galing yung boses. No, scratch that. I mean, di ko inaasahan na sa kanya manggagaling yung mga salitang yun.

Nakatulala lang ako sa kanya at di malaman kung ano ang dapat sabihin. Ngumiti lang siya saken then humarap siya kala Lay at Seohyun.

"I'm Chen, Hyesu's friend." he held out a hand asking for a handshake.

Nakita kong tumitig lang si Lay sa kamay nito pero mga ilang sandali lang, iniabot na rin niya ang kamay ni Chen then shook it. "I'm Lay, Hyesu's classmate in English class. And," tumingin siya kay Seohyun, "she's Seohyun, my girlfriend."

Nag-bow naman si girlfriend at tipid na ngumiti kay Chen.

Tumingin ulit saken si Chen, "Let's go?"

"Ha?" parang nabingi ata ako.

Hinarap niya ulit sina Lay at Seohyun, "Mukhang gutom na siya. Nawawala na sa sarili e. By the way, nice meeting you guys. So pano, una na kami ah?"

Tumango lang ang dalawa sa kanya. "Sige, mukhang gutom na nga talaga si Hyesu." sabi naman ni Lay at ngumiti saken.

Shit lang! Ano ba Lay, wag mo naman ako ngitian ng ganyan. Nakakatonaw e. Bago pa man ako makapagsalita, hinatak na ko ni Chen palayo sa kanila.

Nang maramdaman kong malayo na kami sa dalawa, humiwalay ako kay Chen then I glared at him. "Bakit bigla bigla kang sumusulpot?!" I hissed.

"Aba! At ikaw pa may ganang magalit? Buti nga tinulungan kita e."

I raised an eyebrow, "Tulong? Bakit kailangan ko ba nun? Nasa panganib ba ko ha? Ano ka ba

Chen! Wrong timing ka e!"

Tumingin lang siya saken sandali habang naka-cross ang mga braso niya across his chest. "Sigurado ka bang wrong timing ako?"

"Oo. Tinatanong mo pa e."

"But I guess I came in the right timing."

"Ano ba pinagsasabi mo?!"

"Okay then. I have a question for you. Kung hindi ba ko dumating, kaya mo bang sumama sa kanila?"

Natigilan ako dun. Infairness, kakaiba talaga tong taong to. Bwiset lang mga tanong niya. Kumbaga sa mga tanong sa exams, mas mahirap hanapin ang sagot sa mga tanong niya ee. Lahat ng questions niya, hindi mo makikita sa notes, libro o kahit sa internet. Pwede pakihanap ng sagot dun sa question niya para saken?

"O-Oo naman sasama ako." biruin niyo yun? Nasagot ko tanong niya but my question is, did I gave him the right answer?

"Are you sure?"

"Oo nga. Kulet a."

"Kahit makita mo silang sweet na kumakain sa harap mo, ayos lang?"

Dahil don, natigilan na naman ako. Ano ba naman to, lagi na lang ako natitigilan. May traffic ba?

"Naku Chen, tigil-tigilan mo nga ko ng mga tanong mo!" maglalakad na sana ako palayo sa kanya kaya lang nagsalita ulot siya which made me stopped on walking.

"You like him, don't you?"

Lumington ako sa kanya, "What?"

"That Lay guy, you like him right?"

"Yes, I like him like how I like you and my other friends." I replied frankly.

"Oh come on, Hyesu. Alam nating dalawa na hindi yan ibig kong sabihin. You like him not only as a friend but a guy."

"Ano-"

"Stop denying it. Alam mo naman siguro na hindi mo ko maloloko di ba? Wag ka na magsayang ng laway mo sa pagsisinungaling. Just admit it!"

Okay, suko na ko. Bakit nga ba ko nagsisinungaling pa e alam ko naman na mas alam niya pa ang mga nangyayari sa paligid ko kaysa saken?

I sighed, "Oo na. I admit, I like him the way Seohyun do pero wala naman akong pwedeng gawin e."

"Siya ba yung tinutukoy mo samin na crush mo?" tanong niya. Tumango lang ako na mejo di maipinta ang mukha.

"Uy, wag ka nga sumimangot jan. Lighten up your mood, will you? Di ako sanay na ganyan ka e."

I sighed, "Tara, kain na lang tayo." pagyaya ko sa kanya. Tumango naman siya at siya pa ang humatak saken papunta sa malapit na restaurant dito sa loob ng mall.

"Mahal mo na ba?"

Nabilaukan naman ako sa biglang tanong ni Chen habang kumakain kami. Kung kailan naman mejo nakalimutan ko na yung sakit na nararamdaman ko kanina, bigla na naman siya humirit ng tanong.

Inabutan naman niya ako agad ng isang basong tubig. Kinuha ko agad at ininom ito.

"Ayos ka lang ba?" tanong niya na may pag-aalala sa boses.

Nilunok ko muna ng bongga

yung tubig bago ko siya sagutin. "Mukha ba kong ayos ha?"

"E sorry na."

"Ikaw naman kasi. Mga tanong mo, wagas! Pwede ba kung magtatanong ka saken, siguraduhin mo munang walang laman ang bibig ko? Papatayin mo ko sa tanong mo e."

"Sorry na nga di ba. So, back to my question. Do you already love him?"

Tae! Napakaseryoso naman ng isang to! Di ako sanay. Nagbuntong-hininga ko, "To be honest, I don't know."

Nagsalumbong ang mga kilay niya, "You should know it." sabi niya sabay subo sa pagkain.

Lumapit ako ng konti sa kanya, "Chen, di ba matalino ka? Saka magaling sa sa mga ganito ee. Tingin mo ba mahal ko na?"

Huminto siya sa pagkain at tumingin saken, "Kahit marami akong alam, di ko kaya sagutin yan. Ikaw lang mismo makakasagot niyan. Pero ngayon pa lang, sinasabihan na kita. Itigil mo na kung anuman ang nararamdaman mo diyan sa taong yan. Wag mong kakalimutang may girlfriend na siya, Hyesu."

"Opo. Hindi ko naman nakakalimutan yun. Wag ka mag-alala. Kahit ano pa man tong nararamdaman ko, hindi ako gagawa ng isang bagay na makakasira sa kahit anumang relasyon."

"That's good then."

Di na ko sumagot at ipinagpatuloy na lang ang pagkain ko.

Ilang sandali lang, nagsalita na naman siya. "You should laugh again. Not the fake one but the real one. Alam mo kasi simula ng dumating yang Lay na yan, di na kita nakikitang tumatawa."

Napaangat ang ulo ko sa kanya, "Ha? Ako, hindi tumatawa? Are

you sure? Di mo ata napapansin na araw-araw ako tumatawa."

"Oo, nakikita ko. Pero alam nating dalawa na pilit lang yun. In other words, PEKE or FAKE! Mas okay pang hindi ka na lang tumawa kaysa naman magpakita ka ng pekeng tawa. Tila ka lang tanga!"

Ouch a! Prangkahan talaga e no! Oo na, tanga na kung tanga. Bwiset naman oh! Pero kung sa bagay, tama siya.

I sighed, "Ewan ko ba. Simula kasi ng malaman kong wala na kong pag-asa, parang hindi ko na kayang tumawa pa ng totoo. Pilit kong tinuturuan ang sarili ko pero hindi na talaga kaya e. Gusto ko na bumalik sa dating ako. Yung Hyesu na walang ibang ginawa kundi tumawa at magsaya. Yung Hyesu na walang problema. Yung Hyesu na hindi pa nakakaramdam ng pagkagusto sa isang lalaki."

"Sa totoo lang, mejo naiilang na ko sa'yo. Di talaga ko sanay na ganyan ka e. Di ko naman alam kung pano ka tutulongan." napansin ko ang pag-aalala sa boses niya.

Pinilit ko ang sarili ko na ngumiti. I make sure na hindi ito fake but real. "Pasensya ka na a. Ngayon lang naman ako ganito e. Bukas balik na ulit ako sa dati at kakalimutan ko na tong nararamdaman ko kay Lay. Yun naman ang dapat di ba?"

"Hindi ko naman sinabing kalimutan mo yang nararamdaman mo sa kanya. Ang sabi ko lang itigil mo which means na wag kang gagawa ng masama dahil lang sa feelings mo sa kanya."

Kung sa bagay, tama siya. Di ko naman talaga kailangan kalimutan yung feelings ko para kay Lay e. Di naman masamang gustuhin siya ng patago di ba? Mawawala rin naman siguro to pagtumagal-tagal. Saka lagi ko lang dapat isipin na may girlfriend na siya para di ako makagawa ng makaksira sa relasyon nila. Tama di ba?

I smiled at Chen, "Alam mo, sa totoo lang hindi ko talaga gusto yung ugali mo na pagiging suspicious pero pagdating sa mga advices, ikaw ang the BEST!"

Natawa siya, "Inuto mo pa ko. Wag kang mag-alala, di ko naman pababayaran sa'yo to e. Treat ko."

"Psh! Di naman kita inuuto noh! Totoo yun. The best ka talaga pagdating sa mga advices." tampo ko.

He smiled, "Alam ko, binibiro lang kita." Napangiti tuloy ako. "Yan. Dapat laging naka-smile." komento niya. Lalo pang lumawak ang ngiti ko sa sinabi niya.

Well, tama naman siya e. Hangga't nasa paligid ko ang mga kaibigan ko, hindi ako panghihinaan ng loob. Masaya ako at nakausap ko si Chen about dito. At least may napaglabasan na rin ako ng tinatago-tago ko dito sa puso ko. Para akong nabunutan ng malaking tinik dahil nasabi ko na rin sa iba yung about sa feelings ko kay Lay.

Pagkatapos namin kumain ni Chen, in-offer niya na ihatid ako sa bahay. Ayos lang naman saken yun, gusto ko rin kasi na may makasama pauwi ngayon. Ewan ko ba.

"Salamat sa paghatid saken, Chen." sabi ko nang marating na namin ang harap ng bahay namin.

"No problem. Pasok ka na. Alis na rin ako. See you tomorrow." nag-wave siya saken at nagsimula na maglakad palayo.

"Chen!" I called him that made him stopped. Lumingon ulit siya saken. "Umm.. about dun sa pinag-usapan natin kanina, pwede bang wag mong sabihin kahit kanino? Pwede bang isekreto na lang nating dalawa yun?"

Tumango siya at ngumiti, "It's not a problem with me." Ngumiti rin ako, "Salamat Chen."

Tumango siya at tuluyan nang umalis. Nang makita ko siya na wala na sa paningin ko, pumasok na ko sa loob ng bahay.

Saktong pagpasok ko, nakita ko ang mga kaibigan ng kambal ko sa loob. Nag-iinuman sila. Ay anak ng! Dito pa nag-inuman ang mga gago!

Accidentally, nagtama ang mga tingin namin ni Hoya. Nakita ko siyang ngumiti saken, a devil smile. I rolled my eyes then umakyat na agad sa kwarto ko. Sinarado ko ng malakas ang pinto ng kwarto ko at ini-lock ito.

Ayokong masira ang gabi ko dahil lang sa demonyong yun. Nasira na nga ang araw ko kanina e pero buti na lang nanjan si Chen para bawasan ang lungkot na nararamdaman ko. Tae lang, may gusto pa atang sumira. Dami-dami makikita dito, si Hoya pa? Bwiset lang talaga!

At dahil nga ayoko masira ang gabi ko, nagpalit na ko ng damit pantulog at himiga na sa kama ko. Maya-maya lang, natulog na rin ako. Wish ko lang walang sumira...

CHAPTER 8

"Hyesu!"

Boses pa lang, kilalang-kilala ko na kung sino. Sino pa ba? Ang bestfriend kong si Jiyeon. Napalingon ako sa gate ng bahay namin. Ayon siya, nakakangiti at kumakaway pa.

Okay? Anong nangyari sa babaeng to? At bakit naman nandito to? Malapitan na nga lang.

"Oh, bakit ka napadpad dito?" tanong ko. "Ano pa ba? Syempre sinusundo ka."

Nagtaas ako ng kilay, "Ha? Wala namang klase ngayon a? Holiday kaya."

I saw her rolled her eyes, "Sino naman nagsabi sa'yo na sinusundo kita para pumasok? Naka-uniform ba ko? Hindi naman di ba? DUH!"

"So, bakit mo nga ko sinusundo?"

"Ano pa ba? Syempre para mag-mall!"

"Ha?"

"Anong ha ka jan?! Bilis na, magbihis ka na! Sayang oras ee. Nakakamiss din mag-mall kasama ang bestfriend noh!"

Nakatitig lang ako sa kanya.

"Quit staring. Magpalit ka na ng damit nang makaalis na tayo." sabi niya at kinaladkad ako pabalik sa loob ng bahay.

May magagawa pa ba ko? Wala na kaya nagbihis na rin ako. Simple lang naman sinuot ko. Gala lang naman sa mall. Saka malapit lang naman ang mall, di kailangan magpabongga.

Maya-maya lang ay natapos na ako at bumalik na kay Jiyeon. Nakita kong nakikipag-usap siya sa kambal ko. Ano naman kaya pinag-uusapan nitong dalawang to?

Lumapit ako, "Ano naman pinag-uusapan niyo?"

Mukhang nagulat ata ang dalawa sa biglang sulpot ko. Napatalon ng bahagya e.

"Oh, bakit parang nakakita kayo ng multo?"

"Ha? Hindi a. Nakakagulat ka kasi e. Bigla-bigla ka na lang sumusulpot jan." -Jiyeon

"E ano ba kasi pinag-uusapan niyo?"

"Wala wala. Tara na alis na tayo." yaya ni Jiyeon.

"O sige tara na. Mukhang di ka na mapakali jan e."

She pouted. I chuckled then we walked together palabas ng bahay. Nagulat naman ako at

kasunod namin si Sungyeol.

Lumingon ako sa kanya, "Bakit ka nakasunod?"

"Kasama kaya ako." he rolled his eyes.

Nanlaki mata ko, "Ano?! Sino naman nagsabing pwede kang sumama?"

"Ask your friend."

Tumingin ako kay Jiyeon ar nagkunot-noo, "What's going on?"

"A eh Hyesu, ano kasi e. Kasama ko kasi si Myungsoo at ayoko naman ma-OP ka kaya niyaya ko na rin kambal mo para naman may makausap ka."

"What? Kasama rin si Myungsoo? Bakit di mo agad sinabi saken? Date niyo pala, bakit isasama mo pa ako? Mas mabuti pa na dito na lang ako sa bahay kaysa makaistorbo pa ko sa inyo. Tsk!"

"E kasi naman, gusto talaga kita kasama e. Namiss ko na kasing kasama ka so ine-request ko kay Myungsoo kung pwede kitang yayain tutal birthday mo naman ee. Masaya ako kasi pumayag siya."

"Kahit na. Alam mo-" napahinto ako then napatingin sa kanya, "Wait, anong sinabi mo kanina?"

"Gusto kitang kasama."

"Hindi yun."

"Alin ba? Na birthday mo?"

"Birthday ko ba ngayon?"

BUUUUUGS!

"Aray! Bakit mo naman ako binatang?" I hissed to Sungyeol.

"Para matauhan ka. Sa lahat naman kasi na kakalimutan mo, birthday pa natin."

"Birthday mo rin?"

BUUUUUGS!

"Aray naman! Nakakadalawa ka na a!"

"Panong di kita babatukan, e pati yung pagiging magkakambal natin nakalimutan mo? DUH! Kambal tayo, malamang parehas tayo ng birthday. May nabalitaan ka na bang kambal na magkaiba ang birthday?"

"Wala pa. Meron ba?"

Babatukan ulit sana ako ni Sungyeol pero napigilan ko siya. "Tsk! Eto naman di mabiro. Alam kong wala, okay." He rolled his eyes.

Natawa naman si Jiyeon, "Naku! Kayo talagang dalawa. Lagi na lang kayo nagbabangayan."

Inirapan ko si Sungyeol then humarap ulit kay Jiyeon, "Tara na! Birthday ko naman pala e. Ienjoy na natin!"

"Oo nga! Birthday ko rin naman e! Mag-enjoy na lang tayo!" hirit naman ni Sungyeol.

"Psh! Kahit wag ka na mag-enjoy. Kami na lang." I mumbled.

"Anong sabi mo?" -Sungyeol

"Wala. Sabi ko tara na. Sayang oras."

I heard Jiyeon chuckled tapos nun, tuluyan na kaming lumabas ng gate. Nakita naman namin si Myungsoo sa di kalayuan. Pagkakita na pagkakita niya samin, tumakbo agad siya sa tabi ni Jiyeon at inakbayan eto.

Napangiti ako. Ang cute kasi nila tingnan e. Sana ako rin may boyfriend. Hayy!

"Inggit ka noh?" rinig kong bulong saken ni Sungyeol.

"Ano? Hindi a. Baka ikaw!"

"Hindi rin."

Napatingin naman ako sa kanya dahil sa sagot niya. Lumapit ako

ng konti at bumulong, "Sabihin mo nga saken, may girlfriend ka na ba?"

Bigla naman siya lumayo saken, "A-Ano bang p-pinagsasasabi mo? W-Wala a!"

I raised an eyebrow. Okay? Ano nangyari dito? Is he stammering? Wow a! Masyado siyang defensive! Weird.

"Oy, nag-aaway na naman ba kayo? Tara na." tawag ni Jiyeon.

Tumango naman agad ang kambal ko, "Oo papunta na!" sabay takbo kala Jiyeon at Myungsoo.

Ano nangyari dun? Ang weird talaga nun!

Then sumunod na rin ako.

"Wait lang kayong dalawa dito a. May titignan lang kami banda dun." paalam ni Jiyeon samin habang nakaupo kami sa isang bench sa loob ng mall.

Tumango naman ako. Mejo pagod na rin kasi ako. Kanina pa kami lakad ng lakad dito sa mall e.

Si Sungyeol naman, mukhang ganon din kaya pumayag na rin na maiwan.

Mga ilang sandali lang may lumapit saming dalwang bata. Guess what? Kambal din ata. Mejo hawig kasi e. Girl and boy din. Inabutan kami ni Sungyeol ng tig-isang cup cake with candle on it. Nakasindi syempre!

Nagkatinginan muna kami ni Sungyeol bago namin kuhanin ung cup cakes. "Thank You!" sabi ko. Si Sungyeol naman walang imik. Siniko ko nga, "Magpasalamat ka naman."

"Salamat." ngumiti siya sa dalawang bata. Aba, parang ang bait lang a.

Ngumiti rin naman yung dalawang bata sabay kumanta

ng Happy Birthday song.
Nagulat ako. Pagtingin ko kay Sungyeol, parang nagulat din yung expression ng mukha niya. Binalik ko na yung tingin ko sa dalawang bata. Ang cute nilang tingnan. Parang kami lang ni Sungyeol nung mga bata pa kami. Nakakamiss tuloy.

Nang matapos ang kanta, tatanungin ko na sana kung pano nila nalaman na birthday namin kaya lang bigla na silang tumakbo palayo samin. Aba, ayos a. After nila kaming gulatin, umalis agad?

Nagkatinginan kami ni Sungyeol, "Kilala mo ba yung mga yon?" tanong niya.

I shook my head, "Just like you. I don't have an idea kung sino sila."

Maya-maya lang, may narinig na naman kaming kumakanta ng Happy Birthday song. This time, hindi na mga bata. Hindi rin kambal pero girl and boy din. Si Jiyeon and Myungsoo. Palapit sila samin habang kumakanta. Napansin ko ring may hawak silang tig-isang cake. Not cup cake but the big one.

Nang matapos ang kanta, nasa harapan na namin ang dalawa. "HAPPY BIRTHDAY HYESU" "HAPPY BIRTHDAY SUNGYEOL!" sabay nilang bati.

Napangiti naman ako at ganon din si Sungyeol. Sa totoo lang, mababaw kaligayahan niyan. Hayaan ko na, birthday naman niya e. Birthday naman namin.

"Make a wish na then blow the candles." sabi ni Myungsoo.

Pumikit ako at nag-wish before ko hipan yung candle ko. Pagtingin ko sa kabilang cake, aba patay na yung candle. Lumingon ako kay Sungyeol, "Nag-wish ka ba?"

"Secret." yun lang ang sagot niya. Napaka-sweet talaga ng kambal. Laging nagshe-share ng secret. BWISET LANG!

"O tama na away. Birthday na

birthday niyo nag-aaway na naman kayo. Tara kainin na lang natin to." -Jiyeon

Ngumiti ako at tumango, "Tama! Gutom na rin ako ee."

We all walked at naghanap ng magandang lugar para kainan. At ang napili namin? Food Court. Saan pa ba pwede? Di naman pwede sa mga restaurant ee. E di napalayas kami don ng wala sa oras.

Sa sobrang sarap ng cake, di ko namalayan na naubos ko na pala. Well kahati ko naman si Jiyeon pero mas marami akong nakain. Hayaan niyo na ko. Birthday ko naman e.

Pero wag kayo, mas naunahan pa kami nila Sungyeol at Myungsoo. Kala mo di nakakain nang ilang araw e. Wagas a! Simot na simot ba naman!

"So, san tayo ngayon?" tanong ko.

"Umm.. Hyesu, Sungyeol, pwede bang humiwalay na kami ni Jiyeon? You know, time alone together.." -Myungsoo

Siniko naman siya ni Jiyeon, "Ano ka ba!"

Ngumiti ako, "Hayaan mo na Jiyeon. Gusto ka lang naman masolo ng boyfriend mo ee. Oo sige na, mag-date na kayo."

"Kitams! Ayos lang sa bestfriend mo." -Myungsoo

"E pano bestfriend mo?" - Jiyeon

Napatingin naman kaming tatlo kay Sungyeol. Seryoso lang siya at nakatingin samin. Parang nag-iisip ata. "Hindi.." he started.

"Hindi?" nag-pout si Myungsoo.

"Hindi na kayo dapat magpaalam. I understand your situation. Umalis na kayo bago pa magbago isip ko." -Sungyeol

Napangiti si Jiyeon. Si Myungsoo naman, ay naku ngiting tagumpay! Parang

mawawarat na yung mukha niya sa sobrang laki ng ngiti ee. Wagas!

Agad-agad naman, umalis na sila. Natakot atang magbago isip nitong kambal ko.

"Saan tayo ngayon?" tanong niya saken. "Kahit saan." sagot ko naman.

"Ano ba namang sagot yan!"

"E sa wala akong maisip e! Ikaw na mag-decide."

Natahimik siya habang nakahawak sa baba. Nag-iisip ata. Maya-maya, biglang tumunog ang phone niya. Inilabas niya naman agad to sa bulsa niya. Tinitigan lang niya yung screen ng phone niya.

"Di mo ba sasagutin?" I snapped.

Napatingin naman siya saken. Halatang gulat. Ano naman nangyari dito? Tsk!

"Sasagutin na. Wag kang excited." pagkasi niya nun, he pressed the answer button at tinapat ang phone sa kanang tenga. "Hello!"

"Uh.. Yeah.. Nandito ko sa mall.."

O, bakit parang pahina ng pahina yung boses nitong lalaking to? Nilapitan ko nga ng konti pero lumayo siya. Okay? Anong meron?

Lumapit ulit ako. Aba, lumayo ulit ang gago! Lumapit ako. Alam niyo kung anong ginawa niya this time? Well, tumayo lang naman siya. "Wait lang." pagkasi niya nun, naglakad siya palayo saken.

Mukhang private yun a. Ni ayaw niyang marinig ko. Sino naman kaya yon?

Ilang sandali lang, bumalik na rin siya. "O, sino naman yung kausap mo sa phone?" pambungad ko sa kanya.

"A eh wala yun."

"Okay. Sabi mo e. So, saan na tayo ngayon?"

"Oh about that, ano kasi..."

"Ano?"

"Kailangan ko na umalis. Gusto ko rin kasi magcelebrate kasama ng ibang kong kaibigan."

"Ano? Iiwan mo ko dito mag-isa?"

"E di tawagan mo yung mga ibang mong kaibigan. Gusto mo rin naman i-celebrateyung birthday mo kasama nila di ba?"

I rolled my eyes, "Whatever! Sige umalis ka na. Mabuti pa nga't matawagan na lang sila kaysa makasama ka."

"Ewan ko sa'yo. Pano, alis na ko."

"Oo sige. Kita na lang tayo sa bahay."

"Sige." then he left.

I sighed. What a life? Iniwan na nila ko. Kung sabagay ayoko naman kasama yung kambal kong yun e. Matawagan na nga lang sila Xiumin.

I was about pull out my phone perso wala akong makapa sa bulsa ko. Tae! Mukhang nakalimutan ko pa yung phone ko. Bwiset lang, napakamalas ko talaga!

Chineck ko yung relo ko. 6pm na pala. Makauwi na nga lang. Wala naman akong magagawa dito sa mall ee.

Lumabas na ko ng mall at nagsimulang maglakad pabalik sa bahay.

Habang naglalakad ako, may bigla akong narinig na busina. Ano ba naman yan, gilid na gilid na nga ko dito, binubusinahan pa? Badtrip lang!

Gumilid pa ko pero hindi tumigil yung busina. Napalingsong tuloy ako sa likod ko. Waaaaaaa! Yung motor papunta sa direksyon ko. Tae! Ayoko pa

mamatay. Pero yung katawan ko, ayaw gumalaw.

"Miss, tabi! Nawalan ng preno tong motor ko." sigae nung lalaking nakasakay sa motor. Gusto ko umiwas pero parang nanigas na ko sa kinatatayuan ko.

Konti nalang mahahagip na ko ng motor per bago pa mangyari yun, may biglang humigit saken. Nilayo niya ko sa position ko kanina habang nakayakap saken.

Nanlaki naman ang mga mata sa sobrang shock dahil sa napakabilis na pangyayari. I just stayed still for some seconds.

Then the person who saved me slowly released me from the hug. Napatingala naman ako para makita yung mukha ng savior ko.

Lalo namang nanlaki ang mga mata ko nang makita ko yung mukha niya.

"Lay..."

CHAPTER 9

"Are you alright?" tanong ni Lay habang nakayakap pa rin saken.

Ako naman, eto tulala pa rin. Tae lang kasi. Bigla-biglang sumusulpot tong gwapo na to. Nawala na naman tuloy ako sa sarili ko. Lakas talaga ng epekto neto saken.

"Hyesu, are you alright?" inulit niya yung tanong niya. At ngayon, bumalik na ako sa realidad.

"Ohh.. Ayos lang ako." sagot ko habang tumatayo ng maayos at dahil nga napaka-gentleman netong si Lay, inalalayan niya ko. Nakakainis, kaya ako naiinlove dito e.

"You almost get hit by the car. Good thing, I came at the right

time."

"Sorry a. Tanga e."

"Don't such things like that. You're not stupid, okay."

"Pwede ba magtagalog ka na lang? Dumudugo na kasi ilong ko sa'yo ee."

Tumawa naman siya. Aba naman at tinawanan pa ko neto. Naku, kung di lang to gwapo, kanina ko pa nakaltukan to.

"Yah, wag mo naman akong tawanan. E totoo naman e, malapit na dumugo ilong ko sa ka-e-english mo jan."

Tumawa ulit siya. Aba naman talaga. Lakas ng trip neto a. "Will you quit on laughing?" I hissed.

"See? Nag-e-english ka rin."

"At least nagtagalog ka na ngayon. Haha. Ang kulet mo magtagalog."

Maya-maya naman ay lumapit yung may-ari ng motor na muntik na makabangga saken. "Miss, okay ka lang ba?"

"Oo ayos lang ako. Pasalamat ka, walang nangyari saken kundi di kita patatakasin."

"Naku, pasensya na talaga." nag-bow pa siya saken. "Di ba nga sabi ko okay na? Pwede ka na umalis. Wala naman akong kahit anong galos e."

"Salamat. Salamat." sabi niyang tuwang-tuwa tapos umalis na rin.

Hayy, salamat umalis na rin. Istorbo sa moment namin ni Lay ee.

"Pauwi ka na ba?" tanong ko. "Sana."

"Sana?"

He smiled, "Yes. E kaya lang nakita kita. Ayoko kasi sa bahay e, nakaka-bored. Ayos lang ba kung maglakad-lakad muna tayo?"

"Ha? Bakit? di mo kasama si Seohyun?"

Umiling siya, "No. Actually, may pinuntahan siya."

"Ahh. Saan naman siya pumunta at di ka kasama?"

"I don't know."

"Ha? Hindi mo alam? Girlfriend mo di mo alam kung saan pumunta? Bakit di mo tinanong?"

Ngumiti lang siya, "Because I don't want to know."

"Ha?" Okay? Anong ibig niyang sabihin dun? Nakaka-confuse a.

Nginitian niya ulit ako, "Wag na muna natin siya pag-usapan. Tara lakad-lakad tayu." pagkatapos niya sabihin yun, hinigit na niya ko para maglakad.

Di na ko nagtanong. Masaya na ko kasi masosolo ko si Lay at sa birthday ko pa.

"San ka pala galing?" tanong niya saken.

"Sa mall lang."

"Kaw lang mag-isa?"

Umiling ako, "Hindi. Kasama ko si Jiyeon, Myungsoo pati yung kambal ko."

Napalingon naman siya saken, "You have a twin?" halatang gulat siya. Haha.

Tumango ako, "Yup, si Sungyeol. Sa totoo lang, di kami magkasundo nun e. Ewan ko ba. Saka birthday namin ngayon kaya naman nagyaya si Jiyeon na mag-mall para na rin i-celebrate tomg special day na to."

"Ohh.. Birthday mo pala. Dapat sinabi mo kanina. Come on, let's enjoy your birthday. Di pa naman tapos e." tapos nun, hinila niya ako.

Ewan ko kung saan niya ko dadalhin pero ayos lang kahit saan basta kasama siya,

masaya na ko. Kahit sa impyerno pa yan!

Maya-maya lang, huminto na kami. Alam niyo kung saan niya ko dinala? Well, sa park lang naman. Simple lang ang lugar na to pero para sa mga couples hindi. Feeling ko tuloy, couple kami. Naku, napaka-assuming ko talaga. Hayaan niyo na ko, birthday ko naman e.

"Anong ginagawa natin dito?" I asked.

"To watch the fireworks."

"Ha? Meron ba?"

He nodded. "Maya-maya lang makikita mo na."

"Pero bakit mong makita ko yun?"

"Sabi kasi nila, pag may nagbe-birthday na kaibigan mo dapat daw magbigay ka ng special gift sa taong yun. Since wala naman akong regalo sa'yo dahil nga ngayon ko lang nalaman na birthday mo, eto na lang."

"Fireworks ang gift mo saken?"

Tumango siya, "Para kasi saken, bawat kulay ng fireworks is special. Every color have different meanings. But all in all, the real meaning of it is happiness."

Napalingon ako sa kanya. Masyado siyang seryoso habang sinasabi ang mga salitang yon. Pinagmasdan ko siyang mabuti. Parang napansin kong may problema siya pero di ko alam kung paano ko itatanong yon.

Bago ko pa man matanong, nagsalita na ulit siya. "I wanted to ask you, if you saw a fireworks, what's your first reaction?"

Napahinto ako at nag-isip. Ano nga ba? Alam ko lang napapangiti ako e. "Hmm.. I smiled."

"Exactly! If you smile, that means you're happy right?"

"Hindi rin. Kaya nga may

tinatawag na pilit na tawa di ba? Minsan kasi mas marami pang gumagawa nun kesa sa ngumiti ng totoo. Yung iba rin wagas makatawa akala mo naman totoong masaya sila kahit naman halata nang hindi. Honestly, not all laughs are real."

Natigilan si Lay don. Agad ko naman napansin. Omo! Masyado atang malalim yung sinabi ko. Pero tinutukoy ko lang naman sarili ko. Parang yung sinabi kang ni Chen saken.

"You're right." narinig kong sabi niya.

"Ha?"

Di niya na ko nasagot kasi bigla nang lumabas sa ang iba't-ibang kulay sa kalangitan. The fireworks finally showed up. Nang makita ko yun, di ko mapigilang di mapangiti.

"Is that smile is real or not?" narinig ko namang tanong ni Lay.

I faced him, "What do you think?"

He paused for a moment tapos bigla siyang napangiti, "I think that's real." sabi niya.

"Buti na-determine mo." I chuckled.

Napangiti pa lang siya ng malawak at alam kong totoo rin yon. Then tumingala siya para silayan ang fireworks sa kalangitan. Ganon din naman ang ginawa ko. Again, napangiti ulit ako.

Mga ilang minuto rin kaming nakatingala ni Lay hanggang sa matapos na ang palabas sa kalangitan.

"Do you want to eat?" tanong niya. Ngumiti ako at tumango.

Pumunta kami sa pinakamalapit na kainan sa park. Actually, Carenderia lang yun. Akala ko nga tatangi si Lay e pero biruin niyo, pumayag siya. As in payag na payag.

"Nakakain ka na ba sa ganitong lugar?" I asked.

He simply nodded. Napa-O naman ako dun.

Maya-maya lang natapos na kami kumain. Nilisan na namin ang lugar na kinainan namin at naglakad na ulit. At sa laking katangahan ko, bigla akong natapilok. Di naman ako nkatakong pero bigla na lang napabaluktot tong ankle ko. May bato pala akong natapakan. Kahit kailan talaga ang clumsy ko. Ano ba yan, nakakahiya tuloy.

"Ow!" nasambit ko naman dahil sa bigla. "Are you okay?" tanong ni Aly na may pag-aalala sa boses.

"A eh.. Okay lang ako. Natapilok lang. Tanga e."

"Will you quit daying that you're stupid? You're not, okay."

Naku, ang seryoso naman neto. "Kaw naman. Wag ka naman ganyan kaseryoso. Nakasanayan ko na kading sinasabihan na tanga ang sarili ko e. Masanay ka na lang saken."

Still, his expression was dead serious. "Okay, okay. Di ko na sasabihin yon." sabi ko na lang. Nakakatakot kasi siya makatingin ee. Kala mo papatay kahit sa tingin pa lang.

"Good. So, kaya mo ba maglakad?" he asked. "Oo naman. Yakang-yaka to!" tapos nun pinakita ko pa na kaya kong maglakad. Yun nga lang, I failed. Na-out of balance ako pero nasalo naman niya agad ako.

Swerte ko talaga at lagi nandito sa tabi ko si Lay pag kailanangan ko ng rescue. Swerte ko sa savior ko. Ang bait na ang gwapo pa.

"You can tell me if you can't walk instead of lying." pagkasabi niya nun, bigla niya kong binuhat sa likod niya. He's giving me a piggy back ride.

Pero sa totoo lang, nanlaki mata ko dun. Di ko expected yun a.

"Ano ka ba Lay. Ibaba mo na ko. Kaya ko naman maglakad e. Alalayan mo na lang ako." paliwanag ko.

"Nabuhat na kita kaya wag ka na magreklamo. Mas matatagalan tayo kung aalalayan lang kita. Plus, just consider this as my gift for your birthday."

"Ha? Akala ko ba yung fireworks na?"

"Hindi sapat yun. Special ka at dapat special din ang gift ko sa'yo. Sa totoo lang, ikaw pa lang napapasan ko."

"Ha? E si Seohyun?"

"Hindi pa rin. Ayaw kasing nagpapabuhat nun e. Para daw siyang lampa pag ganon."

OH MY GOD! As in OH MY GOD! Ako pa lang daw napapasan niya oh. Nakakainis tong si Lay. Pinapakilig ako ee.

Dahil dun sa sinabi niya, di na ko nagreklamo. E sayang naman yung chance. At least ako first na napansan niya. Grabe, ang sarap ng feeling. Tae, kilig to the bones ee.

Habang nakapasan ako sa kanya, tinuturo ko naman yung direksyon papuntang bahay namin. Nag-offer kasi siya na ihahatid ako e. Tatanggi pa ba ko? Wag na noh. Baka di na ulit kami magkaroon ng chance kagaya ng ganito. Saka birthday ko naman. Gusto ko lang gawin yung mga gusto ko. Tulad nito, ang makasama ang taong napaka-special saken.

Syempre hindi lang basta tinuturo ko yung direction. Nagkwentuhan rin kami habang pasan-pasan niya ko sa likod. Random lang naman pinag-uusapan namin pero para saken napaka-special na non.

Hayy, ang bilis ng oras. Nandito na ksi agad kami sa tapat ng bahay e. "Gusto mo ihatid na kita sa loob?" he offered.

Umiling ako, "Naku, hindi na. Kaya ko na naman siguro. Dito mo na kang ako ibaba."

Ginawa naman niya. "Ge, uwi ka na. Late na rin kasi ee. Baka hinahanap ka na sa inyo." sabi ko.

Tumango siya at ngumiti. "Oh before I forgot. Di pa kita nababati ee. Happy birthday Hyesu." pagkasabi niya nun, he patted my head then he waved at tuluyan nang umalis.

Natulala lang ako saglit then napangiti ng malawak. Grabe, pinat lang naman niya yung ulo ko pero grabe yung epekto. Wagas!

Eto na ang pinaka-special na birthday ko sa tanang buhay ko at sana siya pa rin ang kasama ko sa susunod na birthday ko...

CHAPTER 10

Hanggang sa makapasok ako sa loob ng bahay, hindi pa rin mawala ang ngiti sa mga labi ko. Hindi pa rin ako makaget-over sa nangyari kanina. Biruin niyo yun? Pinasan ako ni Lay sa likod niyo papunta dito sa bahay? OHMYGOSH! He's so sweet and I'm so kilig. Hehe..

Pagkapasok na pagkapasok ko sa bahay, dumeretso ako agad sa kwarto ko. Kinuha ko yung phone ko kung may bagong messages. At ayon, SABOG ang inbox ko at pati ang dami ring missed calls.

48 new messages and 32 missed calls.

Nanlako mata ko nang makita kp yun. Shit! Mukhang alam ko na kung kanino galing tong mga to. Inuna ko muna i-check yung mga missed calls.

11 kay Chen galing, 7 kay Xiumin, 5 kay Kris, 5 din kay Luhan, at 4 kay Tao.

Then sinunod ko na yung mga messages.

Lahat sa kanila din galing. Halos pare-parehas lang yung mga laman ng text messages.

from: Chen

HAPPY BIRYHDAY HYESU! San mo balak ngayon. Papunta na kami jan. See you~

from: Xiumin

Happy Birthday!!!!!! Libre mo kami a!! Haha! Wait mo na lang kamo jan :)))

from: Kris

Hi babe, happy birthday. I can't wait to see the birthday girl. See you in an hour ~_^

from: Luhan

Good morning birthday girl! Hintayin mo lang ang deer mo. Parating na kami. Humanda ka sa mga hinanda namin sa'yo :]

from: Tao

Happy birthday ate Hyesu! Sana matupad lahat ng wish mo. Handa ka na ba makita kami ate? Haha. Don't worry, parating na kami. May dala rin akong favorite cake natin. Di na ko makapaghintay pati tong cake. Hehe :D

from: Chen

Yah, asan ka? Bakit walang tao dito sa bahay niyo? Pati kuya mo wala a. Wag mong sabihing nagcelebrate ka ng wala kami?

from: Xiumin

Hey, san ka na naman nagpunta? Wala lang man pasabi. Tsk!

from: Chen

Hey, kanina pa kami naghihintay dito. Ayaw mo rin sagutin yung mga calls namin or messages. Ano na ba nangyari sa'yo? Inabot na kami ng hapon dito, wala ka pa rin. Ano ba? Baka gusto mong sagutin kami di ba?

Naku, patay na! Mukhang galit na galot sila lalo na si Chen. Aish! Ano gagawin ko? Tatawagan ko ba? Itetext ko na lang siguro.

to: Chen

Sorry, ngayon lang nakapagreply. Naiwan ko kasi phone ko dito sa bahay e. Bukas ko na lang ikukwento yung nangyari ngayong araw. Pagod na kasi ako e. Pakisabi na lang rin sa iba. Sorry talaga..

Maya-maya lang nagreply na siya.

from: Chen

BUTI NAMAN AT NAGTEXT KA NA. hayy, naku nag-alala kami sa'yo. Sige, tutal birthday mo naman at ayokong maestress ka. Magpahinga ka na. I'll tell about this na lang sa kanila. Happy birthday ulit. Goodnight~

I sighed. Grabe, ang daming nangyare ngayong araw. Kala ko muntik na kong mamatay dahil sa lintek na motor na yan. Good thing, laging nandyan ang savior kong si Lay para iligtas ako. Grabe, kilig pa rin ako dun. Hayy!

Teka teka, ako lang tao dito? Wala pa si Sungyeol? Ano naman kaya nangyari dun? Una, may tumawag sa kanya na di ko malaman kung sino tapos ngayon na-late pa siya ng uwi. Ayos yun a! Di porke birthday niya e ginagabi na siya.

Psh! Bahala na nga siya. Makatulog na lang. Kapagod ee.

Kinabukasan. Parang ang bigat pa rin ng katawan ko. Parang gusto ko pa ituloy ang pagtulog ko.

Dahil kailangan kong pumasok, pinilit ko ang sarili kong bumangon. Naligo na rin ako at nagbihis ng school uniform. Then bumaba na ko para kumain ng agahan.

Ayon, nadatnan ko si Sungyeol na kumakain na. Aba, at ang aga pa niya nagising. Ayos a!

Nilapitan ko nga at umupo sa harap niya. Kumuha ako ng tinapay at pinalamanan ito bago kagatan. "Ano nangyare sa'yo kagabi?" tanong ko.

"Wala."

Aba, ang ganda ng sagot a. Sobrang haba. Bwiset! I rolled my eyes, "Baka gusto mong sumagot ng matino?"

"Di ba matino yun?" tanong niya.

I made a face, "Whatever! Ang epal mong tanungin. Napaka-walang kwenta! Tsk!"

Kumuha na lang ulit ako ng isa pang tinapay na may palaman at tumayo na. "Makaalis na nga lang. Ang bwiset kasi ng nasa harapan ko. Panira ng araw. Aish!" tapos lumabas na ko ng bahay.

Di naman nag-react si Sungyeol. Nilingon ko pa siya ulit pero wala talagang tinag. Aba't talaga naman! Napaka-sweet na kambal nga naman. Ang sarap batuhin. Asar!

Kinain ko na lang yung tinapay na dala ko habang naglalakad papasok ng school. Ubos ko na yung pagkain ko before pa ko makapasok sa loob ng school. Dumeretso na ko sa classroom at nang maupo na agad. Aba, pagod na ko noh!

Wala pa si Jiyeon. Mukhang kasama pa niya si Myungsoo. Well, maaga pa naman e. Maka-idlip nga muna.

I rested my head on the my desk tapos umidlip muna. Mga ilang sandali lang, may naramdaman na kong yumuyugyog sa desk ko.

I slowly looked up. Nakita ko naman ang magandang mukha ng bestfriend ko. "Gising na. Malapit na mag-time." sabi niya.

I rubbed my eyes gently at tuluyan ng minulat ang mga mata ko. I smiled, "Thanks for waking me up."

"Wow! Ganyan ka pala pag kagigising lang. Nag-i-english. Hanep!" komento niya.

Natawa naman ako dun. "Baliw! Pero oo nga noh, biruin mo napa-english ako. Nahawa na siguro ko kay Lay."

"Ha? Ano kamo? Si Lay? Bakit? Nagkasama ba kayo nun? Kailan?"

Naku, nadulas pa ko ng wala sa oras. Ang tae lang ee. Sasagitin ko na sana siya kaya lang may biglang sumagot sa may tabi ko.

"Yes, she's actually with me last night." tae, si Lay pala yun.

"Grabe, nosebleed to. Puro na lang english naririnig ko. Alam kong english class tayo ngayon pero di naman required na kailangan mag-english in the whole period. Tae, magtagalog nga kayo." sabi ni Jiyeon.

Nagkatinginan kami ni Lay sabay tawa.

"Hoy, wag nga kayo tumawa at

teka lang, magkasama kayo kagabi? As in kagabi? Anong nagyari ha? Anong ginawa niyo?"

"Psh! Nanood lang naman kami ng fireworks last night sa park at saka sinagip ako ni Lay kagabi. Muntik na kasi ako masagasaan ng motor kagabi ee. Buti na lang dumating si Lay at the right time." paliwanag ko.

"She's right." dagdag ni Lay.

Magsasalita na ulit sana si Jiyeon kaya lang dumating na ang teacher namin. Dahil dun, focus na kami sa klase sa buong period.

Natapos ang klase ng tahimik. Dumaan ang mga sumunod kong klase at parang ang bilis ng oras. Lunch na agad.

Dumeretso na kami ni Jiyeon sa canteen. As usual, di na naman mapaghiwalay ang MyungYeon Couple (Myungsoo x Jiyeon). Nakakakilig sila. Ang sweet ee.

Nagyon, na-stuck na ako sa mga boy friends ko. Okay, may space yun a so ang ibig sabihin, mga kaibigang lalaki yun.

Ano pa ba inaasahan ko? Syempre sermon galing sa kanila. Hinintay ko muna silang matapos mag-sermon bago ako magpaliwanag.

Sinabi ko naman kung anong nangyari EXCEPT sa nangyari between me and Lay. Mahirap na baka kung ano pang isipin netong mga to. Si Chen lang naman nakakaalam e.

At sa inaasahan ko, di kumbinsi si Chen sa explanation ko. Tinext ba naman ako. Dahil may tiwala ako sa isang to, nireplayan ko siya. Sinabi ko yung nangyari between me and Lay.

Nginitian niya lang ako. Napangiti rin ako then I started my food.

Sa kalagitnaan ng pagkain ko,

bigla naman akong nakaranig ng birthday song. I mean, kumakanta ng birthday song. Sino pa ba? E di etong mga kasama ko ngayon. Ayos rin tong mga to e. Ang gaganda pa naman ng boses. Kung di ko lang kabarkada tong mga to, baka nainlove na ko sa mga to o baka fan na nila ko.

At sa gulat ko, may tinatago pa lang cake tong si Tao sa ilalim ng mesa. Tapos naglagay naman ng kandila si Luhan sa ibabaw ng cake na may sindi syempre.

Nag-wish muna ako bago ko i-blow yung candle ko. Napangiti ako kasi kahit tapos na birthday ko, pinapadama pa rin nila na birthday ko. After nun, binigay na nila yung mga gifts nila saken.

Wow lang! Di ko expected na may regalo pala talaga sila saken. Dati kasi wala silang binigay. Puro kiss lang sa cheeks. Matuwa na daw ako kasi mahal daw halil nila. Aba, ang kakapal ng mukha, di ba?

Nagpasalamat na ko sa kanila dahil sa mga gift nila saken. Kahit di ko pa nabubuksan, alam kong puro mahahalagang bagay yun na mate-treasure ko in the near future.

After nun, kinut na namin yung cake at kinain na. Nakisali naman sila Sungyeol with his friends sa cake. Ang epal lang ee. Feeling close. Hayaan mo na, kawawa e. At ang MyungYeon Couple naman, nagsususbuan pa. Hanggang sa ganun, ang sweet pa rin. Tsk!

Hindi na mawala ang mga ngiti sa labi ko dahil sa kakulitan ng mga to. Ngayon lang nagkasama-sama ang mga friends ko pati ang friends ng kambal ko pero parang mas close pa sila kaysa samin. Sobrang kulet ee! Ang cute panoorin.

Sa di sinasadya, bigla akong napalingson sa ibang direksyon. Bigla tuloy napawi ang ngiti sa mga labi ko. Nakita ko na naman si Lay. Buti nga kang

kung si Lay lang ee kaya lang hindi. Kasama niya kasi si Seohyun at syempre ang sweet na naman sa isa't isa.

Hayy, kailangan ko na naman mameke ng tawa. Nilingon ko ulit ang mga kaibigan ko. Mga nagtatawanan. Nakitawa na lang ako kahit pilit. Ayoko man pero kailangan. Ayoko namang mapansin nila noh. Baka mag-alala pa.

Honestly, hirap na kong mameke ng tawa. I really need a person that can make me laugh for real...

CHAPTER 11

Natapos ang lunch ng ganon. Puno ng tawanan, kulitan at kwentuhan na rin. Mas naging close ang friends ko pati friends ni Sungyeol dahil dun. Nag-uusap naman kasi talaga sila dati pero iba ngayon. Mukhang magkakasundo na ee.

Ako naman eto, natatawa rin naman dahil sa mga kakulitan ng mga to. Minsan nga lang, bigla-biglang napapawi sa tuwing malilingon ako sa direksyon nila Lay at Seohyun.

Hayy, kailan kaya mawawala tong nararamdaman ko para sa kanya? Ang hirap na kasi ee. Ang sakit dibdib. Parang ang hirap huminga.

Maiba ko, nag-wish ako nung birthday ko di ba? Alam niyo ba kung ano? Siguro iniisip niyo na ang hiniling ko ay sana mapansin at magustuhan na ko ni Lay noh? Well actually hindi. Ang wish ko sana dumating na yung taong makapagpapasaya saken. Well sa ngayon, hahayaan ko muna tong nararamdaman ko towards Lay at hihintayin ko na lang din na mawala to ng paunti-unti.

After ng celebration sa canteen, balik na ulit ako sa klase with my bestfriend Jiyeon. Ang tamlay ko ngayong araw pero di

ko na kang pinahalata. Ewan ko pero parang feeling ko may hindi magandang mangyayari ngayon. Hayy, wag naman sana.

Ang bilis din ng oras kasi natapos agad yung klase. Uwian na, sa wakas! Uwing-uwi na ko na hindi ko malamn kung bakit. Si Jiyeon naman sumama na kay Myungsoo. Sanay na rin naman ako sa dalawang yun. Mahirap talaga silang paghiwalayin.

So, eto na ko ngayon. Naglalakad na ko pauwi. Mejo dumidilim na rin pala. Sa kalagitnaan ng paglalakad ko, bigla kong nakita si Lay. Automatic na napangiti ako. Ganyan naman ako lagi sa tuwing makikita ko yan ee.

Tatawagin ko na sana siya kaya lang napansin kong ang layo ng tingin niya at parang mejo nagtatago. Unti-unti kong sinundan yung tinitingnan niya. I silently gasped nang makita ko kung ano tinitingnan niya.

Si ano.. Si.. Si Seohyun.. at.. Hoya naghahalikan?! Oo, kitang-kita ng dalawa kong mata. They're kissing each other's lips.

Bigla akong nagtago. Ayoko naman may makakita saken lalo na si Lay. Ayokong malaman niyang nakikita ko ang nakikita niya. Sumilip ako ng bahagya, nakita kong tuloy parin ang dalawa sa gingawa nila habang si Lay nakatingin pa rin. Ramdam ang sakit na nararamdaman niya. Kita naman sa mukha niya ee. Ang di ko lang maintindihan, bakit di siya gumagawa ng aksyon? Bakit nakatayo lang siya jan na parang wala lang, na parang hindi nakikipaghalikan sa iba ang girlfriend niya.

Maya-maya bigla kong nakitang palingon si Lay. Buti na lang maagap ako at nakapagtago ulit. Naramdaman kong nagsimula na siyang maglakad. Mejo tumalikod ako. Ilang sandali lang, humina na yung mga yapak ng paa na naririnig ko. Dahan-dahan akong

humarap. Kaya mejo malayo na, kita ko parin ang likod ni Lay habang naglalakad palayo.

I watched his back ng malungkot. Bakit Lay? Bakit wala kang ginawa? May karapatan kang sugurin sila pero bakit wala kang ginawa? Ganyan ka ba kahina?

Nilingon ko ulit ang direksyon nila Seohyun at Hoya. Hindi pa rin sila tapos. Mukhang enjoy na enjoy pa nga ee. Bwiset tong babaeng to, nagawa pang pagtaksilan ang napakagwapo niyang boyfriend! Aish!

Dahil sa inis ko, binato ko nga ng bato. Di ko na nakota reaksyon nila kasi kumaripas na ko ng takbo pauwi. Nang maramdaman kong malayo na ko sa kanila, huminto na ko sa pagtakbo at naglakad na ulit.

Pero di pa rin mawala sa isip ko yung nakita ko. Lalo akong naasar sa twing maaalala kong si Seohyun pa ang nagtaksil. Akala ko pa naman ang bait non. Boto pa naman ako sa kanilang dalawa ni Lay. Naalala ko tuloy bigla si Lay. Yung expression ng mukha niya, di mawala sa isip ko. Yung lungkot na nararamdaman niya, parang ramdam ko rin. Hayy..

Nang makarating na ko sa tapat ng bahay, dumeretso na ko sa loob. Nadatnan ko namang nakaupo sa sofa si Sungyeol habang nanonood ng TV. Naisipan kong umupo sa tabi niya. Ayoko pa munang magbihis. Wala akong gana.

"Magbihis ka na. Ang baho ng amoy mo." sabi ng bwiset kong kambal.

Di ako sumagot. Pagod na ko noh! Nakatitig lang ako sa TV pero wala akong naiintindihan. Lutang pa utak ko dahil sa mga nasaksihan ko kanina.

"Hoy, sabi ko magbihis ka na. Nangangamoy ka na oh." sabi niya ulit.

"Kuya.." tinawag ko siya. I totally ignored what he said.

"Wow! Ano nangyari sa'yo at tinawag mo kong kuya ha?"

"Na in love ka na ba?" I asked.

Natigilan naman siya dun. Lumingon ako sa kanya. "Naranasan mo na bang manghina hindi dahil may sakit ka kundi dahil sa isang taong kaya kang palambutin everytime you see that special person?"

"Ano ba nangyayari sa'yo? Naka-drugs ka ba?" tanong niya.

Natawa ko, "I know my questions are weird pero gusto ko lang malaman ang isasagot mo. Isang sagot galing sa kapatid ko."

Mukhang natigilan na naman siya. Walang reaksyon e.

"Honestly, na in love na ko. I'm actually in love right now." rinig kong sabi niya.

Di ko magawang magulat. Ewan ko, pero wala na kong energy para magreact ng malupet. I just smiled, "How about that person, is she in love with you too?"

Di siya sumagot. Ayoko rin marinig. Mukhang alam ko na yung sagot. Alam ko namang may girlfriend siya. Yung tumawag nung birthday namin, alam kong girlfriend niya yun. Di ko pa soya nakikita at di ko rin to nalaman kung kanino. Naramdaman ko lang. Ewan ko, ganyan ata pagkambal kayo ee.

"Inom tayo." bigla kong sabi.

"Ano?! Nasisiraan ka na ba?! Kailan ka pa natutong mag-inom ha?"

Natawa ko, "Pagdating jan, ang bilis mong magreact pero sa tanong ko kanina, parang hirap kang sagutin."

Natigilan na naman siya.

Ngumiti ako, "Di mo naman kailangan sagutin ee. Alam ko na na may girlfriend ka."

"Paano mo nalaman?"

"Because I can feel it. Ganon ata pagkamabal ee. Ano? Inom tayo?"

"Yah, ano ka ba! Anong inom inom ka jan! Wag mong sanihing nag-iinom ka na? Kailan ka pa natuto ha?"

"Di ko pa nata-try uminom. Ngayon pa lang kung sakali. Gusto kong ikaw ang makakainom ko sa unang try ko. Ano? Pwede mo ba kong pagbigyan? Gusto ko talaga uminom ngayon ee."

Tinitigan niya muna ako bago siya magsalita. "O sige." tumayo siya, "Hintayin mo ko dito." tapos lumabas siya ng bahay.

Kinuha kong chance yun para magpalit ng damit. After kong magpalit, sakto namang dating ni Sungyeol. May dala na siyang plastik ng Soju.

Hinanda ko naman yung maliit lamesa sa may sala. Nilapag niya naman dun yung dala niya. "Are you sure that you really want to try this?" tanong niya.

Tumango lang ako at ngumiti ng matipid. He sighed then nagtagay na siya. Saken niya unang inabot. Tinanggap ko naman at ininom ito. Unang tagay pa lang, humugit agad sa lalamunan ko. Ganito siguro pag first time. Sumunod na tagay, kay Sungyeol na.

Nakakailang tagay pa lang kami ni Sungyeol nang biglang may tumulo na luha sa mga mata ko. Hindi ko na mapiligilan yung nararamdaman ko kaya nailabas ko na.

Tinitigan lang ako ni Sungyeol. Sa titig niya, alam kong alam na niyang may problema ako pero ayaw lang niyang itanong.

Yung mga luha ko naman, ayaw ng tumigil sa pagpatak. "Ano ba to! Bakit pa ko biglang naiyak. Ganito ba pag first time?" then pilit akong tumawa.

Nginitian lang ako ni Sungyeol

hanggang sa maramdaman kong niyakap niya ko. He gently patted my back pero wala siyang sinabi. Ganon lang kami. Nakayakap siya habang iyak lang ako ng iyak sa dibdib niya.

"Kuya, bakit ang sakit? Okay lang naman saken na di niya mapansin pero yung hindi niya mapansin yung mali ng iba, mas lalo akong nahirapan. Nahihirapan ako para sa kanya."

"Shhh! Okay lang yan. Ilabas mo lang. Mas magiging maluwag ang pakiramdam mo pag nilabas mo." narinig kong sabi niya.

I continued crying habang hinahayaan niya kang ako at yakap-yakap ng mahigpit. Hinihimas niya rin ang likod ko para mahimasmahan ako.

Matagal rin akong umiyak non. Di ko na rin namalayan na nakatulog na ko ng ganon lang kami...

CHAPTER 12

Kinabukasan, nagising na lang ako sa kwarto ko habang nakahiga sa kama ko. Medyo ang sakit ng ulo ko nung pagbangon ko.

Teka, ano bang nangyari kagabi?

Unti-unti kong inalala yung mga nangyari kagabi. Unti-unti ring nag-flashback yung mga nangyari. Ang naalala ko lang, nakatulog ako sa pagkakayakap ko kay Sungyeol pero paanong nanadito ko ngayon?

Nang mawala na ang sakit ng ulo ko, tuluyan na kong bumangon at naghanda sa school. After nun, lumabas na ako ng kwarto. Nadatnan ko naman si Sungyeol sa may kusina. Kumakain na ng breakfast.

Umupo ako sa tapat niya. Ni di lang man niya ko nilingon. Parang hindi ako dumating dun. Parang wala lang yung presence ko.

Tinitigan ko siya ng panandalian bago ko sabihin, "Ikaw ba nagdala saken sa kwarto?"

"Malamang!"

Tingnan mo tong taong to! Napakalakas mambara. Ang ganda ng sasagot. Bwiset ee!

"Ano ba Sungyeol, sumagot ka naman ng maayos!"

"Ano bang gusto mong isagot ko?"

"Psh! Naku, ewan ko sa'yo! Bwiset ka talaga kahit kailan! Lagi mo na lang sinisira umaga ko! Arrggg!" pagkasabi ko nun, dumampot na ako ng tinapay sabay labas ng bahay.

"Bwiset talaga yon! Bakit ko ba kasi naging kambala ng isang yon?! Akala ko pa naman mabait na siya saken. May payakap-yakap pa siya saken kagabi kala mo ang bait. Mukhang aasarin lang ako nun!" I mumbled to myself habang naglalakad patungong school.

"Hoy Hyesu!"

"Ay, anak ng kalabaw!" gulat kong sabi ng bigla kong narinig boses ni Sungyeol. Agad naman siyang nakasunod saken at ngayon ay nasa tabi ko na. "Bakit ka nang-iiwan ha?!"

"Pakialam mo ba?! Huwag ka ngang sumabay, panira ka lang ng araw ee!" inis kong sabi sabay lakad ng mabilis.

Sumunod naman ulit siya habang tumatawa. Inis ko naman siyang nilingon, "Oh? Anong tinatawa-tawa mo dyan? Baliw ka na ba ngayon?!" I hissed.

"Naalala ko lang itsura mo kagabi. Kakaiba ka umiyak pag lasing. Parang bata." asar niya saken.

Aba't talaga naman! Bwiset to ah! Tiningnan ko siya ng masama, "Bwiset ka talaga Sungyeol! Naku, ewan ko sa'yo! Bahala ka nga dyan!" tapos nun, lalo ko pang binilisan yung

paglakad ko.

Hindi na rin siya sumunod pero narinig ko naman siyang sumigaw, "Mas gusto kong nakikitang kang naaasar kaysa naman umiiyak ka. That person doesn't deserve your tears, sister. Huwag mong pag-aksayahan ng luha mo yung taong yun!"

Napahinto naman ako dun. Naramadan ko na ring nglakad na ulit siya pero hindi siya huminto sa tapat ko. He only patted my shoulder sabay tuloy-tuloy na sa paglakad hanggang sa makapasok na siya ng school.

Sa pagkakasabi niya nun, parang ang dating eh TANGA ako pero sa di ko malamang dahilan, di ako galit. Sa totoo lang, na-touch ako sa sinabi niya. Dahil alam ko na sinabi niya yun hindi dahil naiinis siya kundi dahil concern siya. Kahit papaano, iniisip pa rin niya yung nararamdaman ko. Madalas man niya kong asarin, mabuti pa rin siyang kambal at kapatid saken.

From now on, hindi ko na sasayangin ang luha ko dahil lang sa walang kwenta. Bakit nga ba ako umiyak eh wala namang nararamdaman saken si Lay na tulad ng nararamdaman ko sa kanya? Hayy..

Huminga muna ako ng malalim before I finally entered the entrance gate. Diretso na ko sa classroom namin. Sakto namang nandun na si Lay. Huminga ulit ako ng malalim bago ako umupo sa tabi niya.

"Good morning, Hyesu!" bati niya na may mga ngiti sa labi.

Ano ka ba Lay? Bakit ka ganyan? Alam kong nasasaktan ka na pero bakit kaya mo pa ring ngumiti? Eto ba yung ibig sabihin ng sinabi mo saken nung birthday ko? Eto ba yung sinasabi mong hindi lahat ng kasiyahan ng tao ay totoo? Eto ba yun ha Lay?

Ano ba, wag ka namang

ganyan. Mas lalo akong nahihirapan sa mga pinapakita mo saken ee. Di ko na alam kung dapat ba kong maawa sa'yo ngayon o mainis. Bakit ba sobrang bait mo? Pwede bang ako na lang yung babaeng mahalina mo? Hindi ba pwede yun, Lay?

"Hyesu, are you alright?" bigla niyang tanong. Mukhang napansin niyang nakatitig lang ako sa kanya.

"Oh.. I'm sorry Lay. May iniisip lang ako." sagot ko sabay naman dating ni Jiyeon. "GOOD MORNING!" masiglang bati niya.

Ngumiti lang ako tapos si Lay, binati rin naman siya. Tingnan mo tong lalaking to! Akala mo walang nagyari kagabi ee. Still, pinipilit pa rin niya maging masaya.

Hindi to tama eh. Dapat may magtama sa mga maling nangyayari ngayon...

Mabilis natapos amg araw. Uwian na. As usual, di na naman sumabay si Jiyeon saken. Well, olay lang naman yun. Isa pa, may kailangan pa kong kausapin.

Actually, nandito ko ngayon sa may gate. May hinihintay lang. Maya-maya, nakita ko na yung hinihintay ko kahit nasa malayo pa lang siya. Buti na lang wala siyang kasama. Well, late na rin naman kasi.

Nung malapit na siya, hinarang ko yung daan at hinarap siya. "Hoya, can we talk?"

He smirked, "Woah! Ikaw na ngayon ang lumalapit saken ah. Sabi ko na nga ba type mo rin ako eh but sorry Hyesu beause I still have to meet someone right now. So, if you excuse me?"

"Sino? Si Seohyun ba?"

Mukhang nagulat ang gago. Halata sa reaction niya eh. "I saw you making out with her last night." sabi ko.

"So? Selos ka?"

"Hoy, ang kapal ng mukha mo ah! FYI lang, di kita trip noh! At kaya kita kinakausap ngayon dahil gusto ko lang ipaalala sa'yo na hindi mo pag-aari si Seohyun para gawin yun! Di mo ba alam na may boyfriend na yung tao?!"

"Alam ko."

"Then bakit mo ginagawa to?!"

"Kasi kailangan ko ng laruan at nagkataong nalaman kong gusto pala kong ng babaeng yon. What can I do? I'm handsome and she can't resist me. Sayang naman kung pakakawalan ko di ba?"

I glared at him, "Ang sama mo! Di mo ba alam na sobrang mali ng ginagawa mo?! Hangga't maaga pa, itama mo na ang mali mo. Tigilan mo na to. Wag mo na siyang paglaruan, wag mo nang guluhin ang relasyon ng iba!"

"Okay, gagawin ko yun."

"T-Tama ba narinig ko? Hihiwalayan mo na si Seohyun?" tanong kong nakakabigla.

"Yes but in one condition."

Napatitig naman ako sa kanya. Yung tingin niya saken, kakaiba. Bigla tuloy akong kinabahan.

"Ano namang condition yan?" I asked.

"Replace her status and be my toy."

"What?! No way! Bakit ko naman gagawin yon?!"

"Okay then. Kung ayaw mong tanggapin, baka pwede ka nang umalis sa dadaanan ko para naman makaalis na ko. May naghihintay pa kasi saken eh."

Natigilan naman ako dun. Di ko alam kung anong dapat kong sabihin sa kanya. Hinayaan ko na lang tikom ang bibig ko at dahan-dahang tumabi ng konti para makadaan na siya.

With that, nagsimula na siyang maglakad. Nang makalagpas na siya saken, bigla naman siyang nagsalita ng mahina pero tama lang ang lakas para marinig ko.

"Pag-isipan mong mabuti ang condition ko. Di ko pa tinatanggap ng buo ang pagtangga mo. Hihintayin ko lang na magbago ang pasya mo."

"Tigilan mo ko Hoya. Di ako magpapagamit sa'yo!"

"Wag kang magsalita ng tapos." pagkasabi niya nun, tuluyan na siyang umalis.

Naiwan akong nakatayo pa rin dun. Ilang sandali rin akong nakatayo lang dun bago ko maisipang magsimula ng maglakad pauwi. Isa lang ang nasa isip ko habang nasa gitna ng paglalakad. At alam niyo kung ano? Eto,

Anong gagawin ko?

CHAPTER 13

Hikab*Hikab*Unat*Unat

Hayy, panibagong araw na naman. Parang ayoko nang lumabas ng bahay. Ang hirap ng ganito, ang daming iniisip. Mas marami pa nga ata akong iniisip kaysa dapat na taong nag-iisip ng gagawin sa problemang to eh.

Anong problema? Nakalimutan niyo na ba?

Lay --> Seohyun --> Hoya --> Ako

Wait, kasama ako? Ay oo nga pala, dawit na ako. Ang gago kasi ng Hoya na yan ee! Paano na ba gagawin ko? Do I need to agree with Hoya? Do I need to accept his offer to be his toy?

Well, wala naman sigurong gustong maging laruan ng isang tao di ba? Pero para to sa ikaliligaya ng my labs kong si Lay.

Ano daw? My labs?

Aba, gumaganon na ako ah.

Erase*Erase

Okay, seryoso na ulit. So, ano na nga gagawin ko? Aish! EWAN!

Makapasok na nga lang. Ay, mag-aayos pa lang muna pala ako. Ano na ba tong nangyayari saken. Masyado na kong napapraning dahil sa dami ng iniisip ko. Aish! Bahala na talaga mamaya.

Pagkatapos ko mag-ayos, nag-breakfast na ko with my twn brother Sungyeol. Syempre, bangayan ulit kami sa umaga. Ano bang bago? Ganyan pag nakasanayan na. Ayos lang, masaya naman makipagbangayan diyan sa isang yan eh.

Nauna na kong umalis sa kanya. Ang tagal kasi kumain eh. Pero feeling ko binagalan talaga niya ee. Mukhang may kasabay atang iba. Ayoko na siyang pakialaman ngayon. Oo, ngayon lang. Saka ko na papakialaman yan. Kailangan ko mo ng mag-isip ng mabuti para sa mga gagawin ko in the future.

Future talaga eh noh? Tsk! Sana tama yung maging desisyon ko. Kailangan ko lang ng confirmation from him.

"Aga mo naman atang papasok."

Boses pa lang alam ko na. Boses demonyo eh.

"So? pakialam mo naman Hoya?!"

"Syempre may pakialam ako."

Aba, at talagang sumagot pa ang hayop! Sorry for my harsh words. Eh bwiset kasi eh. Panira ng araw kahit kailan.

"Paano ka naman nagkaroon ng pakialam ha?"

"Dahil di magtatagal tayo na ang laging magkasama." pagkasabi niya non, naglakad

na siya ng mabilis hanggang sa sobrang layo na niya saken.

Ano daw? Kami na daw ang laging magkasama pag di nagtagal? Grabe, nakakakilabot naman yung mga sinasabi non. Asar talaga!

Sa bwiset ko, napabilis ang lakad ko. Ang tae lang, di ko namalayan na naabutan ko pala ang demonyo.

"At talagang gusto mo na akong makasama ngayon pa lang ah? Sinasabi mo bang payag ka ng pumalit kay Seohyun bilang laruan ko hmm?" bigla niyang sabi sabay smirk.

Ang kapal talaga neto! Gusto ko na daw siya makasama ngayon pa lang? OH MY GOD! Nasusuka ko sa mga lumalabas sa bibig netong demonyong to ah.

I glared at him sabay ko inirapan. Ayoko na siyang kausapin kaya mas lalo ko pang binilisan yung paglakad ko. Narinig ko naman siyang sumigaw.

"Hihintayin ko sagot mo mamayang uwian. Hintayin kita sa gate!"

At talagang isinigaw pa niya eh noh? Buti na lang at maaga pa. Walang ibang taong nakarinig. Bwiset talaga to! Naku!!!

Ilang saglit lang, narating ko na rin ang classroom namin. Swerte ko, ako lang tao. Swerte ba yun? Loner nga ako eh >.<

Then may bigla akong narinig na nagbukas ng pinto. Pagkaangat ko ng ulo, nagliwanag ang paningin ko. Tae, ang gwapo! Sino pa ba ang gwapo sa paningin ko? Eh di wala ng iba pa kundi si LAY...

"Good morning!" masiglang bati niya.

"Good morning too!" pati tuloy ako sumigla dahil sa isang to. Akala mo walang problema eh. Hayy..

Tumabi na siya sa tabi ko. "You're early today." sabi niya.

"Ah-eh.. oo nga eh. Napaaga gising eh. Ikaw, bakit ang aga mo rin ata ngayon?"

"Gusto kasi pumasok ng maaga ni Seohyun eh kaya maaga ko siya sinundo."

Ahh.. Si Seohyun na naman pala ang dahilan. Hayy naku Lay, bakit ba nag tanga tanga mo? Di ba pwedeng ako na lang?

"Bakit di mo siya kasama ngayon?" tanong ko naman.

"May gagawin pa daw kasi siya."

Ang tipid naman ng sagot niya o sadyang nabitin lang ako? Parang may gustong lumabas sa bibig niya kaya parang pinipigilan niya. Ano naman kaya yun?

Ay teka, si Hoya! Ang aga niya pumasok ah. Di kaya magkikita sila ni Seohyun? Eh bakit hindi na lang siya nagpasundo dun kaysa naman dito kay Lay? Ay oo nga pala, si Lay nga pala ang alam ng lahat na boyfriend niya. Eh ano bang tumatakbo sa isip ni Seohyun at may iba pa siya? Di pa ba sapat ang isang gwapong Lay sa kanya? Aish! Ang hirap intindihin.

Kung ako yun, naku baka nga sobra-sobra pa si Lay saken. Grabe kaya tong nilalang na to. SUPER GWAPO! At mukhang yummy pa!

Wait, a nong sabi ko? YUMMY? OMG!!!! Mali yun! Naku, kung anu-ano na ang iniisip ko.

Erase*Erase

Bata pa ko noh! Di ko pa alam ang mga ganong bagay.

Napatingin ulit ako kay Lay. Sa may bintanan siya nakatanaw. Mukhang ang lalim ng iniisip niya. Iniisip niya ba na kasama ni Seohyun si Hoya? naku, ang sakit naman nun!

"Umm.. Lay, bakit hindi mo siya sinamahan?" natanong ko.

"Ayoko."

Hala! Ano daw? Ayaw niya? bakit? Dahil ba ako ang gusto niyang makasama? OMG!!!

"Ayoko siyang istorbuhin. Gusto niya daw mapag-isa. Gustuhin ko mang lagi ko siyang kasama, I can't. I always wanted to respect all her decisions. If that's the thing that can make her happy, it's already enough for myself to be happy. I'm happy when she's happy. That's all."

SHIT! Alam ko na. Get ko na, as in gets na gets! sabi ko na, ramdam niya na na kasama ni Seohyun si Hoya. Hala naman oh. Nakakainis! Sobra niya talagang mahal si Seohyun. Kainggit. Sana ako na lang.

"Umm.. Lay, may question ako."

Napatingin naman siya saken.

"Paano kung.. may iba si Seohyun bukod sa'yo tapos inamin niya sa'yo, ano... anong gagawin mo?" tanong ko. "Kunwari lang naman." pahabol ko. Mahirap na, baka mamaya maghinala pa to na alam ko.

Naramdaman kong natigilan siya dun. As in ramdam na ramdam ko. Pati ang napakalalim na buntong-hininga niya. Akala ko hindi na siya sasagot kasi napakatagal na katahimikan ang pumalibot sa loob ng classroom pero bigla siyang nagsalita...

"Hindi ko siya iiwan."

Nakatingin lang ako sa kanya. Alam ko kasing may kasunod pa yung sasabihin niya. At tama nga ako...

"Kung sakaling may iba siya at aminin niya saken, tatanggapin ko pa rin siya."

"Pero bakit? Hindi ka magagalit?"

Tumingin siya saken, "Alam mo kasi Hyesu, pag mahal mo ang isang tao kahit ano pang gawin niyang kasalanan, tatanggapin at tatanggapin ang tao na yun kahit gaano pa kabigat ang kasalanan niya. Gagawin mo

ang lahat para lang mapasaya ang taong mahal mo."

"Kahit may kahati ka?"

Tumango siya, "Alam mo kasi, kung sakaling mayroon man siyang iba ngayon, kung hindi niya ako mahal baka iniwan na niya ko. Siguro nakapaghiwalay na siya. At kung hindi niya ginawa yun, ibig sabihin mahal niya ako dahil hindi niya ako kayang iwan. So, tatanggapin ko pa rin siya because I love her. As simple as that."

Tae lang! Grabe magmahal ang isang to! Napakaswerte ni Seohyun. Hayy, mukhang kailangan ko na magdesisyon.

Maya-maya, nagdatingan na ang iba naming classmates including Jiyeon.

Mabilis rin naman ang oras at eto na, nandito ako ngayon sa canteen with my friends. Kumakain na rin kami. Medyo naka-get over na rin ako sa usapan namin ni Lay kanina. MEDYO lang ah.

Okay na sana lunch ko eh, nakitable ba naman sila Sungyeol at mga kaibigan niya. At syempre kasama si Hoya dun. Pambwiset! Tumabi pa saken ee. ASAR talaga!

Panay bulong pa about dun sa usupan namin. Aabangan niya daw ako sa gate mamaya at maghihintay siya hanggang makapagdesisyon ako.

Sa totoo lang, nakapagdesisyon na naman talaga ko eh. Anong final decision ko? Mamaya na lang uwian. Abangan niyo na lang.

"Tingnan mo sila oh." biglang bulong naman ng demonyo sa tabi ko sabay turo sa kinaroroonan nila Lay at Seohyun.

Aba't talaga naman. Mukhang gusto pa kong asarin ng demonyong to ah! Eh pano ba naman, pagtingin ko magkayakap yung dalawa. Bwiset talaga! Tiningnan ko nga ng masama ang demonyong

katabi ko. Kabwiset kasi eh!

"Wag mo nga akong kasusapin!" sabay harap sa unahan ko. Nakita ko namang nakatingin saken si Chen na may pag-aalala sa mukha.

Ngumiti ako sa kanya, 'I'm okay, don't worry.' I mouthed to him.

Nag-nod naman siya at napabuntong-hininga.

Nilingon ko ulit sila Lay, magkayakap pa rin. Ang sweet-sweet nilang tingnan. Akala mo walang problema an relasyon nila. Hayy, kung alam lang ng iba..

Napansin ko naman naka-smirk tong si Hoya sa gilid ng mata ko. Di ko siya nilingon, ipinagpatuloy ko n lang ang pagkain ng lunch ko.

Natapos ang lunch ng ganon. After non, balik na ulit sa mga kanya-kanyang classrooms. Mabilis rin naman natapos ang klase. Uwian na.

"Hyesu, sabay tayo?" tanong ni Jiyeon.

"Sorry Jiyeon, may pupuntahan pa kasi ako eh. Bye!" umalis na agad ako. Baka kung ano pang itanong niya at ano pang maisagot ko.

Nagmadali akong tumakbo papuntang exit gate. Sakto naman, nandun na si Hoya.

"Sabi na eh. Pupunta ka."

"Malamang, dito kaya palabas pauwi." sabay irap ko.

"Eh bakit ka huminto? Dahil saken?"

I roled my eyes, "Whatever Hoya. Wag tayo dito, baka may makakita pang iba. Let's talk somewhere."

"Okay. Let's go." hinila niya ako palayo sa school. Huminto rin naman kami agad nung malayolayo na kami sa school. "So, what's your decision Hyesu?"

Unti-unti ko siyang hinarap at tinitigan muna siya ng medyo matagal bago ko siya sagutin.

"I'll replace Seohyun's spot. I'll be your new toy."

CHAPTER 14

"I'll replace Seohyun's spot. I'll be your new toy."

Pagkatapos na pagkatapos kong sabihin ang mga katagang yan, biglang hinila ni Hoya ang kanang braso ko gamit ang kaliwa niyang kamay at saka ako hinalikan.

Sa sobrang gulat ko, parang nahirapan ata akong gumalaw. Hindi ko kasi maikilos ang katawan ko. Nanlaki lang ang mga mata ko dahil sa ginawa niyang yun.

Bumitiw naman agad siya kaya lang bigla akong kinalabutan sa sinabi niya.

"Di pa ko tapos."

Ano daw? Hindi pa daw siya tapos? Anong ibig sabihin non?

Ang kapal talaga ng mukha ng isang to. Halikan daw ba ko ng walang paalam? Aish! Nakakadiri. Yung first ko, nakuha na ng demonyong nasa harapan ko. Asar!!!

Tiningnan ko siya ng masama pero nginitian niya lang ako.

Aba't talagang nakuha niya pang ngumiti ah. Ngiting demonyo pa! Bwiset lang!

Then bigla niyang kinuha yung phone niya sa bulsa. Malamang nag-dial muna siya before niya itapat yung phone sa kanang tenga niya.

Nagtataka ba kayo kung bakit di ako umaalis? Eh pano ba naman, nakahawak pa saken tong demonyong to. Ang hipgit pa!

"Hello." ayan nagsalita na siya

dun sa kausap niya sa kabilang linya. "We're now over. Let's not see each other anymore." sabay end of call na siya.

Aba, ayos to ah. Ganun-ganon lang yon? Tapos na? Wala na sila ni Seohyun? As in wala na? Takasan ko kaya ang isang to?

Bumaba ang tingin ko sa kamay niyang nakahawak sa braso ko. I bit my bottom lip at balak ko na sanang takasan kaya lang bigla niya kong hinila at sinandal sa may pader.

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi dahil in love ako sa kanya kundi dahil sa sobrang kaba ko. Bigla ba naman gawin saken yun? Kakagulat kaya. Kung makatingin pa siya tila papatay ng tao. Ngiting demonyo pa eh.

"Sabi naman sa'yo di pa ko tapos eh." sabay niya ko hinalikan ulit.

Sa totoo lang, gusto ko siya itulak pero hindi ko kaya. Mas malakas siya saken at pati hawak niya rin ang magkabilang braso ko habang pilit niya akong hinahalikan.

Grabe, nandidiri na ko sa mga nangyayari ngayon!

Then he suddenly bit my bottom lip asking for entrance. Pero dahil ayoko, pinanatili kong tikom ang bibig ko. Kaya lang bigla niyang hinawakan ang butt ko so I accidentally gasped na naging dahilan ng kongting pagbuka ng bibig ko.

Ayon! In-explore niya na yung bibig ko. Pilit akong nagpumiglas pero wala. Hindi ko kaya ang lakas niya. Nanghina na ko, hindi ko na kaya pa siyang labanan. Hinayaan ko na lang siyang halikan ako.

Naramdaman ko namang tumulo ang luha ko. Alam kong naramdaman niya rin yun dahil sobrang lapit ng mga mukha namin sa isa't isa. Pero di pa rin natinag ang gago. Tuloy pa rin siya sa pag-abuso sa labi ko.

Maya-maya lang, tumigil na rin

siya. Aba't buti naman napagod na siya. Feeling ko mamamatay na ko dahil halos mawawalan na ako ng hininga sa ginawa niya.

"Wag ka na umiyak diyan. Di ka ba nasarapan sa halik ko?" then I saw him smirked.

I glared at him, "Hindi! Nakakadiri!"

He chuckled, "Sa ngayon lang yan. Sa mga susunod na araw masasarapan ka na kaya sanayin mo na ang sarili mo simula ngayon."

"Ang kapal ng mukha mo! Iyon na ang una't huling halik mo saken kaya tigil-tigilan mo ko sa mga pinagsasabi mo!"

"Talaga lang ah? Para san pa't naging laruan kita para di ko laruin? Hangga't gusto kitang halikan, wala kang magagawa. Laruan lang kita, tandaan mo yan."

"Eh pano kung sabihin kong ayoko na?" I said.

He smirked, "Madali naman akong kausap eh. Siguradong isang tawag ko lang kay Seohyun, kami na ulit."

Tiningnan ko siya ng masama, "Don't you dare do that!"

"Then don't you dare quit of being my toy." sabi niya.

Tinitigan ko lang siya ng masama. Di ko na rin alam kung paano ko pa siya paptulan. Mukhang mali ata tong pinasok ko.

"Mukhang wala ka ng masabi ah?" then tumawa siya ng matipid, "Good toy. Punas-punasan mo na yang mga luhan mo. Nakakairita eh."

Hindi ko siya sinunod. Nakatitig pa rin ako sa kanya ng masama.

"Alam kong gwapo ako. Wag mo na kong titigan baka matunaw ako niyan."

Ang kapal ng mukha neto! Di naman siya kagwapuhan!

Then bigla siyang lumapit at pinunasan ang luhan ko. After non, tumingin siya saken.

Ano ba to! Kinakabahan ako. HELP!

"Gusto ko sa susunod, magaling ka na humalik. Yung masasabayan yung galing ko sa paghalik." tapos hinalikan niya ko sa noo.

Nakatingin lang ako sa kanya.

Ngumiti siya. As usual, ngiting demonyo pa rin. "Umuwi ka na. I'll see you tomorrow." then tumalikod na siya at naglakad palayo.

Nakahinga naman ako ng maluwag don. Sa wakas nakaalis na ang demonyo. Kaya lang anong sabi niya bago umalis? Dapat ko na daw galingan ang paghalik sa susunod? Gago ba siya?! AISH!

Inis akong naglakad pauwi. Bwiset na araw kasi to! Wala lang man nangyaring maganda. Simula pa lang sa usapan namin ni Lay kaninang umaga hanggang ngayon, puro kagaguhan lang ang nagawa ko.

Pwede bang ibalik ang oras? Pwede bang bawiin yung sinabi ko kay Hoya kanina? Ayoko ng kalagayan ko ngayon ee. AYOKO!

"Anong nangyari sa'yo?" pambungad saken ni Sungyeol pagkupasok na pagkapsok ko ng bahay.

"Ha?" pagtataakang tanong ko.

"Ano kako nangyari sa'yo? Bakit namumula yang mga mata mo?" tanong niya ulit.

Hala! Patay! Namula pala mata ko sa pag-iyak ko kanina?

Yumuko ako, "Wala to. Nag-practice lang ako umiyak kanina baka sakaling pwede akong mag-artista. Haha." palusot ko.

"Psh! Asa ka namang magiging artista ka. Magbihis ka na don at kumain na tayo."

Hala! Naniwala siya? Naku, ang uto-uto naman nitong kambal ko. Tss! Well.. Mas mabuti na to. Kaysa naman magpaliwanag pa ko ng bongga di ba?

Sinunod ko na ang sinabi ni Sungyeol na magpalit na ako ng damit tapos bumaba na rin after para sabayan siya sa pagkain.

Tahimik lang ang pagkain namin ng dinner ni Sungyeol. Himala! Di niya ako inaasar ngayon. At ako naman? Wala akong gana mang-asar. Di ko pa rin makalimutan yung katangahang ginawa ko kanina. Ang magdesisyon ng padalos-dalos.

Hayy.. Ano na kaya mangyayari sa buhay ko neto? Sana naman di ko pagsisihan tong ginawa ko.

Wait! Hindi pagsisihan?

Eh bakit parang pinagsisisihan ko na ngayon pa lang? Aish! BATREEEEEEP!!

Natapos rin ang dinner ng matahimik. Ang tae lang, di ako sanay. Bakit ba di nang-aasar ang isang to? Pagod siguro. Well.. pagod na rin ako noh.

At ang nakakagulat pa, nagprisinta pa siyang maghugas ng pinggan. "Ako na maghuhugas ng mga kinainan natin. Umakyat ka na lang sa kwarto mo at magpahinga. May pasok pa bukas." then sabay kuha ng mga maruming pinggan at direktso sa lababo.

Hala! Magugunaw na ba ang mundo? Bakit biglang bumait ang isang yon? Naku naku, baka naman may hihingin saken to bukas?

Bahala na nga. Hintayin ko na lang bukas kung anuman yon. Pagod na rin naman ako. Makatulog na lang. Kailangan kong ipagpahinga ang isip ko. Ayoko na munang isipin ang mga maling nagawa ko ngayong araw. Bulas na lang.

BAHALA NA BUKAS!

Pagpasok ko sa kwarto, direktso higa agad sa kama. Di muna ako nakatulog dahil naalala ko na naman yung paghalik ng demonyong Hoya na yun saken. Grabe, diring-diri na ko sa labi ko ngayon.

Napatayo tuloy ako at pumunta ng CR. Nag-tooth brush ako at sinigurado kong malinis na malinis ang bibig ko bago ako bumalik ulit sa pagkakahiga sa kama ko.

Ilang segundo pa lang akong nakahiga sa kama ko, bigla ng tumulo ang mga luha ko. Ang sakit kasi eh. Naalala ko yung usapan namin ni Lay kanina. Ang sakit lang isipin na sobrang mahal niya si Seohyun na kahit ginagago na siya, ayos lang.

Tapos pati yung deal ko kay Hoya, nakisali pa sa isipan ko. Lalo tuloy akong napahagulgol sa iyak.

Umiyak lang ako ng umiyak nung gabi na yun hanggang sa maramdaman kong bumigat na ang mga pilik-mata ko tuluyan na itong tumiklop na naging dahilan ng pagpikit ng mga mata ko. Then...

zzzzzzZZZZZZZ.....

CHAPTER 15

Kinabukasan...

Ano pa nga ba? Eh di balik ulit sa dating gawi. Ayos-ayos lang konti tapos kain ng almusal. As usual, sabay ulit kami ni Sungyeol mag-breakfast.

Pagkaupong-pagkaupo ko, sabay titig naman ni Sungyeol saken. Ano naman problema neto?

I raised an eyebrow, "Ano namang tingin yan?"

"Mukha ka kasing ewan."

Ano daw? Mukha akong ewan? Aba gago talaga tong kambal ko ah. Inirapan ko nga.

"Tigil-tigilan mo nga ko Sungyeol. Wala akong sa-mood makipagbangayan sa'yo ngayon, okay?"

"Oo. Halata ko naman eh." sagot niya.

Napataas ang isa kong kilay, "What?"

"Yung mata mo namamaga." simpleng sagot niya sabay subo sa pagkain.

Napahawak naman agad ako sa mga mata ko sabay tayo at takbo sa salamin. Nanlaki mga mata ko kasi tama yung sinabi ni Sungyeol. Grabe, di naman halatang umiyak ako kagabi eh noh? Aish! SUPER HALATA lang. Hayy..

Nanghihinang bumalik ako sa hapag-kainan. At walang ganang umupo sa upuan ko kanina.

"Wag ka ngang sumimangot diyan. Just wear eye glasses to hide it." sabi ni Sungyeol.

Napatingin naman ako sa kanya.

Wait lang, parang nakakapanibago ang isang to ah. Kumunot ang noo ko habang nakatitig lang ako sa kanya.

I saw him raised an eyebrow, "Ano namang tingin yan?"

"Ikaw, bakit parang ang bait mo ngayon? Hindi mo ba ko aasarin?"

"Bakit gusto mo ba?"

Umiling ako, "Syempre hindi."

Umikot ang mga mata niya, "Ganon naman pala eh. Kumain ka na lang diyan at ng makaalis na tayo."

I made a face, "Opo kuya." sabi kong parang nang-aasar.

Di na siya sumagot at pinagpatuloy na lang ang pagkain niya. At ganon na rin naman ang ginawa ko. Kaysa

naman makipagbangayan pa ko sa kambal kong to di ba? Eh di na-late pa kami kung nagkataon.

Hindi rin nagtagal at natapos na ang pagkain namin. Sabay na rin kaming pumasok ni Sungyeol. Sinunod ko rin yung sinabi niyang magsuot ng salamin para maitago naman ng konti ang pagka-maga ng mata ko.

Tahimik lang ang buong oras ng paglakad namin ni Sungyeol. Di niya ako inaasar at ganon din naman ako. Ayoko na kasi makipagbangayan, nakakapagod kaya. TRY NIYO!

Sa wakas, narating din namin ang school. Naghiwalay na kami ni Sungyeol ng landas. Wow, landas talga eh noh? haha. Basta, naghiwalay na kami. Dumeretso na ko ng classroom. Sakto naman at nandun na si Jiyeon. Umupo na rin agad ako sa upuan ko.

"Good morning, Hyesu!" masiglang bati ni Jiyeon.

Humarap ako sa kanya, "Good morning din."

Bigla namang nawala ang ngiti sa labi niya. Nakakunot-noo na siya ngayon kaya naman napakunot-noo na rin ako. Hawa-hawa din.

"Ano nangyari sa mata mo?" tanong niya.

Nagulat naman ako dun. Bakit kasi niya biglang tinanong? Halata ba? Halata bang maga ang mga mata ko kahit nakasalamin na ako?

"Ha? Wala to." sabay iwas tingin.

"Malabo na ba mata mo, Hyesu?"

Toinks! Yun lang naman pala iniisip ng isang to. Akala ko nahalata na niya eh.

Nginitian ko siya, "Hindi naman. Trip ko lang mag salamin ngayon."

"Psh! Dapat sinabihan mo ko para nagsuot rin ako. Eh di terno sana tayo. Tss!"

Aba at gusto pa kong sabayan sa trip ko. Ayos talaga tong si Jiyeon. Napakadaling paniwalain.

"Good morning girls."

Napalingon naman kaming dalawa ni Jiyeon sa pinanggalingan ng boses. Pagka-angat na pagka-angat ng ulo ko, bumungad agad ang napaka-gwapong mukha ni Lay saken. Di ko napigilan, napangiti ako.

"Good morning din, Lay."

"Psh! Pag saken walang kasamang pangalan ang pagbati pero sa kanya.. Aish!" bulong naman ni Jiyeon.

Siniko ko nga. Sinenyasan ko siya at mukhang nakuha naman niya ang gusto kong iparating. Tumingin siya kay Lay at ngumiti, "Good morning din."

Nginitian kamin ulit ni Lay bago siya umupo sa upuan niya. Kinilig naman ako. Tae kasi, ngiti pa lang ulam na! Saan ka pa?

Maaga namang dumating ang Prof namin at kinainis ko yun dahil di ko na makakausap si Lay. Kailangan ng magseryoso sa pag-aaral.

*RIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIII
IINNNNNNNNGGGGGGGGGGGGGGG
GG!!!!!!!!!!!!*

Ayan, bell na. Yay! lunch na sa wakas!

Eto na, papunta na kamingcanteen ni Jiyeon. Pagkarating namin dun, diretso na si Jiyeon kay Myungsoo. Well, automatic na naman yun eh. Hinayaan ko na. Diyan siya masaya eh, masaya na rin ako sa kanya.

Palakad pa lang ako sa usual place namin nang may biglang may humatak saken. Alam niyo

kung sino? Syempre hindi niyo alam.

Well...

Ang demonyo lang naman!

Sinong demonyo? Sino pa ba?

Eh di si HOYA!!!

Pagkakita ko pa lang sa kanya, napasimangot agad ang mukha ko. Eh pano, bukod sa siya yung humatak saken eh nakapulupot din ang braso niya sa waist ko. Bwiset, ang banyak lang!

Pero siya?

Nakangiti lang, ngiting demonyo. Ano pa ba nag inaasahan niyo? Wala na. Ganyan lang!

"Bumitiw ka nga saken. Ang banyak mo!" I hissed.

"Ayoko nga. Laruan lang kita kaya di ka pwede tumanggi." simpleng sagot niya sabay halik sa pisngi ko.

Lalo tuloy ako napasimangot. Itutulak ko na sana siya palayo saken pero hinila niya na ko papunta sa usual table namin. YES, namin. Remember magkasundo na ang friends ko pati ang friends ni Sungyeol? So Yeah! No choice ako, kailangan kong magtiis sa buong oras ng lunch. Magkatabi na kami eh. Wala na kong takas.

At tulad ng inaasahan ko, napansin agad kami ng iba.

"WooooH! May hindi ba kami alam dito?" tanong ni Sunggyu habang nakatingin samin ni Hoya na nakakaloko. Ngumiti naman ng malapad tong si demonyo, "Oh yeah. I almost forgot! Hyesu's my girl now."

Napatingin naman silang lahat saken lalo na si Sungyeol, Jiyeon at Chen.

Naku, patay! What should I do?

Nginitian ko lang sila, PILIT.

"Hyesu, kayo na ni Hoya di mo lang man sinabi saken?" tampo

ni Jiyeon.

"Umm. Sorry pero kahapon lang naman naging kami ni Hoya eh." paliwanag ko.

"Kahit na. Kanina pa tayo magkasama pero wala ka lang man nabanggit saken saka parang imposible. Akala ko si L--"

Bago pa man matapos ni Jiyeon ang dapat niyang sabihin, nagsalita na ko. "Balak kasi talaga namin ni Hoya na ipaalam sa inyo ng sabay-sabay kaya ngayon lang namin sinabi. Di ba Hoya?"

Naku Hoya, sumakay ka na lang. Please lang.

Ngumiti siya, "Yes, babe."

"Woah! Babe? Ang lupet mo Hoya!" singhal naman ni Woohyun.

"I know I'm hot!" sabi naman ni Hoya.

Ang kapal ng mukha!

Gusto ko sana lumipat ng upuan pero nakapulupot pa rin yung braso niya waist ko. Ano pa nga ba magagawa ko? Eh di manatili na lang sa impyernong kinalalagyan ko ngayon. Tss!

Bigla namang may kumurot saken. Si Xiumin. "Ang cute mo. Dalaga ka na. Ayieeee!"

Aba't nang-asar pa ang isang to. Di niya ba nahalatang ayoko tong ginagawa ko. Aish!

"Ayyiiiiiee! May kuya na ko." isa pa tong si Tao. Ang sarap lang nilang kaltukan.

Si Kris at Luhan naman, ngiti lang saken ng nakakaloko. Di rin nagpatalo eh noh. Kailangan kasali rin sila? BWISET na buhay to oh.

Yung iba, inaasar na rin kami. At pati rin si Jiyeon? Akala ko pa naman gets niya na. Mukhang mali ako. Well, mas okay na rin yun. Mahirap na baka madulas pa siya at mabuking ako. Pati ang relasyon nila Lay at

Seohyun delikado pag nagkataon.

Si Sungyeol at Chen, nakatitig pa rin saken at alam kong gusto nilang magtanong. Iniwas ko na lang ang tingin ko sa kanila. Pero di ko inaasahang sa pag-iwas kong yun, malilipat ang tingin ko sa kinaroroonan nila Lay at Seohyun.

Ang gulat ko lang, parehas silang nakatingin sa direksyon namin. Yung expression ng mukha nila, ang hirap basahin. Ang hirap i-explain. Basta, kakaiba.

Napayuko na lang tuloy ako. Itinuon ko na lang ang sarili ko sa pagkain. Ayoko na mag-isip pa at ayoko na rin kumausap. Kumain na lang ako ng tahimik. Di na rin naman sila nang-aasar pati di na rin nakatitig saken si Sungyeol at Chen pero alam kong di pa sila tapos. Alam kong gusto lang nila kong hayaan muna s ngayon.

Ang bilis din ng oras. Tapos na ang lunch time. Eto na, pabalik na kong classroom. Iniwan ko na si Jiyeon. Kasama pa kasi niya si Myungsoo at naglalambingan pa. Ayoko din naman ng may kasabay ng kahit na sino sa kanila. siguradong puro tanong lang ang ibabato nila saken.

Pero may bigla na lang humarang sa dinadaan ko. Napaangat naman ang ulo ko. "Chen.."

"May gusto lang akong malaman. Sagutin mo lang ang isang tanong ko."

"Ano ba yun?"

"Bakit mo to ginagawa? You don't have feelings for him, right? Then why?"

"I have a reason."

"What's your reason?"

"Lay." napakasimple at napaka-ikling sagot ko.

Huminga siya ng malalim. "I don't know why Lay become

your reason pero di na rin ako magtatanong. Mukhang di mo rin naman ako sasagutin. Pero tandaan mo, pag di mo na kayang pakisamahaan yang si Hoya, takbuhan mo lang ako. Ako nang bahala."

Napangiti naman ako dun, "Salamat, Chen. thanks for understanding."

Tumango lang siya tapos umalis na. Ganon na rin naman ang ginawa ko. Diretso na ko sa classroom.

Sa sobrang bilis ng oras, di ko na namalayan na uwian na pala.

Nagpaalam naman ako agad kay Jiyeon at lumabas na ng classroom. Pano ba naman, si Hoya nagtext. Lumabas daw kami. Makakatangi ba naman ako? Eh laruan niya nga ako di ba? Kaya no choice ako. Hinihintay niya daw ako ngayon sa malapit na Cafe sa school kaya doon na ako patungo sa mga oras na to pero...

may biglang humatak saken sa gate pa lang. Laking gulat ko naman nang napaangat ang ulo ko dahil sa taong nasa harapan ko ngayon.

"Lay..."

CHAPTER 16

"Lay..."

Ayan ang unang lumabas sa bibig ko pagkakitang-pagkakita ko sa gwapong nilalang sa harapan ko. Ewan ko, pero parang kinabahan ako sa mga oras na yon. Naman kasi, yung tingin niya napakaseryoso. Alam niyo yun?

Aish! basta, iba sa kilala kong Lay.

Tumitig lang siya saken ng panandalian bago may lumabas sa bibig niyang mga salita.

"Are you insane?"

What? Ano daw? Ako? Insane? Bakit? Ano bang nangyayari?

Okay, ang OA ko...

"Wait lang Lay ah.. Pero pwede mo bang linawin? Paano mo naman nasabing insane ako? Ang gulo eh." napapailing kong sabi.

Tinitigan ulit niya ako.

Grabe na to ah, papatayin ba ko nito sa titig lang? Takte, feeling ko unti-unti na kong natutunaw dito eh. Lintek na titig yan. Pwede na kong mamatay!

Tapos bigla niya akong hinawakan sa magkabilang balikat ko habang nakatitig pa rin saken. "Why are you with him?"

"Ha?" nagtata kang tanong ko.

"That boy named Hoya, you're dating him right?"

Ahhhh... Si Hoya naman pala. Tekang, eh bakit naman niya tinatanong? Nagseselos ba siya? Ayiiiiieeee. Kinikilig ako. Ano ba to, masyado akong assuming!

Erase*Erase*Erase

"Pero teka, pano mo nalaman?"

"So, it's true?"

Nagbuntong-hininga ako, "Okay, that's true. Now, can you answer my question? How did you find out about this?"

"I just saw you with him earlier at lunch. I saw the both of you together while his arms around you."

Sa tono ng boses niya, may kakaiba. Parang may mali.

"Hoya is now my boyfriend so it's normal."

"Yeah it's normal for te real couples."

"What? Are you saying we're faking?" medyo inis kong tanong. Feeling ko kasi buking na niya agad ako. Wag naman

sana.

"No. I'm not saying that the both of you."

Napataas naman ako ng isang kilay don. Eh parang ang gulo kasi ng sinasabi niya eh.

"What I mean is he's the only one faking your so-called relationship. He's a player and he's only playing with your heart. Your only one of his toy."

Tama siya don pero di ko pwedeng sabihing alam ko dahil baka madulas ako't masabi ko pa ang totoo ng wala sa oras.

"Excuse me Lay pero baka nakakalimutan mong boyfriend ko ang sinasabihan mo ng masasamang bagay na yan."

"I know pero gusto lang kitang iiwas sa mga lalaking katulad niya. I'm sorry to say this, pero hindi marunong magmahal ang tinatawag mong boyfriend. Marunong lang siyang maglaro, maglaro ng puso ng mga babae. Kaya hangga't maaga pa, umiwas ka na. Hiwalayan mo na siya hangga't maari."

Nginitian ko lang siya ng pilit bago ako magsalita, "Alam mo Lay, hindi ko alam kung pano mo nasasabi ang mga bagay na yan. Sa pagkakatanda ko, tranferee ka lang dito at mahigit isang buwan ka pa lang dito pero ano to? Bakit kung magsalita ka parang mas kilala mo pa si Hoya kaysa saken? Bakit Lay? May kilala ka bang napaglaruan na ni Hoya huh?"

Sinadya ko yan. Yang tanong ko na yan, talagang gusto ko malaman ang isasagot niya.

Naramdaman ko namang natigilan siya sa tanong ko. Ang hirap ng tanong ko noh? Mas mahirap pa sa Midterm and Final exam yan!

Bigla ko naman napansin na unti-unti siyang napayuko. "No, wala akong kilala." mahinang lumabas sa bibig niya ang mga salitang yan.

Malungkot.

Yan ang naramdaman ko sa tono ng boses niya. Gusto ko man siyang amuhin pero hindi pwede. Kailangan ko ng lumayo. Ngayon pa bang magiging okay na sila ni Seohyun saka pa ko eeksena? Ayoko nga, di ako ganon. Ayokong sumira ng isang relasyong alam kong mahirap sirain.

I silently sighed at tumingin sa kanya, "I guess our conversation ends here. I got to go. My boyfriend is waiting for me." with that, umalis na ako at iniwan siya. Wala na rin akong narinig pa sa kanya after kong magpaalam.

Ito ang dapat at ito ang nararapat kong gawin. Alam ko rin na tama tong desisyon ko. SANA...

Ayoko ng isipin yon. hayy..

So eto ako ngayon, naglalakad papunta sa pinakamalapit na Cafe. Gaya ng sabi ni Hoya, dun kami magkita.

Eksaktong pagpasok ko, nakita ko naman agad siya. Ang ngiti naman niya ng makita ako, ngiting demonyo. Eto na, palapit na ko sa impyerno.

Di naman nakapaghintay ang demonyo, tumayo na at nilapitan ako. Laking gulat ko naman ng sinalubong niya ko ng halik sa lips. Ako? Eto, tulala lang sa mabilis na pangyayari.

Pinakawalan din naman agad niya ang labi ko sabay smirk, "Hanggang ngayon di mo pa rin alam kung pano humalik, babe?" bulong niya sa tenga ko.

Babe? EEEEwwww! Tae, gusto ko lang masuka. Pati yung bulong niya, nakakakilabot. kadiri...

Tiningnan ko lang siya ng masama. Bwiset eh!

Pero siya? Ngiting-ngiti pa rin.

"Tara." sabi niya sabay hatak saken palabas ng Cafe.

"Wait, san tayo pupunta? Akala

ko ba dito tayo sa Cafe?"
tarantang tanong ko.

"Oo nga. Dito tayo sa Cafe
magkikita pero di tayo dito
magsesession." sagot niya.

"Ano? session? What do you
mean by that?"

"You'll see. Now, shut your
mouth and just follow."

Ano pa ba magagawa ko? Wala
so sinunod ko na lang siya.

"Bakit tayo nandito? Anong
ginagawa natin dito?" tanong
ko.

Pano ba naman, dalin daw ba ko
sa Club. Oo, sa club nga. Ang
daming couples sa paligid pero
yung kakaiba ah.

Angong kakaiba?

Eh di ano pa? Mga WILD couples
ang nandito. Kahit saan ata ako
tumingin puro mga
naghahalikan yung nakikita ko
eh. Ano ba to? Kissing place?
OH MY GOSH! I don't like this
place. This is too disgusting!

At eto namang si Hoya, di lang
man ako sinagot.

Tatanungin ko na sna ulit siya
kaya lang naramdaman ko na
naman ang nakakadiring labi
niya sa labi ko. Grabe, masyado
na niyang inaabuso ang labi ko.
Parang anytime pwede na
niyang kainin ng buo eh. Grabe
siya makahalik. I don't like this
feeling, the feeling of his lips
with mine. Arrggghh!

Di na ako makahinga kaya
naman tinulak ko siya. I glared
at him, "Ano ka ba? May balak
ka bang patayin ako huh?"

"No." napaka-ikling sagot niya.

"Really? Eh halos mawalan na
ko ng hininga sa ginawa mo!"
Inis kong sabi sa kanya. Okay
lang na sumigaw ako, wala
naman pakialam ang mga tao
sa paligid eh. Busy kasi sila,
busy sa kani-kanilang session.
Yeah, kissing session for them.

"Look at them, they're like one."
sabi niya habang nakaturo dun
sa mga taong naghahalikan sa
paligid.

"And so?"

"Gusto kong ganon sin tayo. So
everytime I kiss you, kailangan
mong sumabay. Shall we
continue now?"

"What?"

"Remember, you can't disobey
me or I'll ruin Seohyun's and
Lay's relationship."

Natigilan ako dun kaya ngayon,
nakatitig lang ako sa kanya.
Hindi ko na alam kung ano pa
ba nag dapat kong sabihin para
panlaban sa kanya.

Until, I felt his lips on mine
again. He bit my bottom lip,
giving me a hint to move along
with him. Wala na kong
nagawa. I closed my eyes and
kissed him back as my tears
started to fall down to my both
cheeks...

CHAPTER 17

Mga 11:00 ng gabi ng maisipan
ni Hoya na ihatid ako pauwi.
Buti naman at naisip niya yon.
Akala ko dito na niya ako balak
patulugin. Aish!

"Pumasok ka na. Agahan mo
bukas ah." -Hoya

Aba talaga naman. Inuwi niya
ko ng gabing-gabi na tapos
gusto niya pa kong pumasok ng
maaga bukas? Napaka talaga ng
isang toh! Asar!

Tumango na lang ako. Pagod na
ko noh. Papasok na sana ako
nang bigla niya kong higitan at
hagkan sa akong labi.

Di pa rin ba siya nagsasawa?

Tiningnan ko nga ng masama.
Bwiset eh!

Ngumiti naman siya. Yung lagi
niyang ngiti. Ano pa ba eh di
ngiting demonyo. Tss.

"Yung labi mo, di ko matiis. Ge
na, pasok ka na." sabay alis
niya.

Napakagat ako ng labi. Ang
sama niya. Lagi na lang niya ko
hinahalikan ng walang pasabi.
Di niya ba alam kung gaano ako
nandidiri sa tuwing ginagawa
niya yun?

Kung alam lang niya, halos
isumpa ko na siya sa ginagawa
niyang yun. Hayy..

Huminga muna ako ng malalim
bago ako pumasok ng bahay. At
gaya ng inaasahan ko, inaantay
ako ni Sungyeol. Alam kong
marami siyang gustong
tanungin saken.

Alam ko iniisip niya kasi kambal
kami kaya alm ko ring di siya
kumbinsido sa mga nangyayari
ngayon especially about my
relationship with Hoya.

At dahil ayoko ng patagalin toh
at gusto ko na matulog, umupo
na ko sa tabi niya sa may
couch.

"Lahat ng gusto mong itanong,
itanong mo na." sabi ko.

"Do you really love Hoya?"

Ayan agad ang tanong niya. Sa
totoo lang, hindi yan ang
inaasahan kong unang itatanong
niya. I expected him to ask me
if I'm really dating Hoya pero
hindi yun yung question niya
eh.

Ang hirap naman ng tanong
niya. Pwede bang iba na lang?
Tss.

"No." I honestly replied.

"Then why are you doing this?
Nasisiraan ka na ba ha?"

Hinarap ko siya, "Baki kuya?
Ayaw mo ba sa kanya para
saken? Kaibigan mo naman siya
di ba?"

"Oo, kaibigan ko siya pero hindi
kayo pwede. Hindi siya dapat
sa'yo."

Natahimik lang ako. Di ko alam

kung ano ba dapat kong sabihin.

"Kapatid kita at di lang basta kapatid, kambal pa. Alam ko takbo ng isip mo. Alam kong ginagawa mo toh dahil may gusto kang protektahan. Aminin mo saken, ano ba ang dahilan mo?"

Napabuntong-hininga ako, "I can't say it right now."

"Then when?"

"Kapag hindi ko na kaya. Kapag suko na ko at kailangan ko na ng tulong."

Tinititigan lang niya ko.

"Saka na lang natin ulit toh pag-usapan. Inaantok na ko. Gusto ko na magpahinga. Goodnight." sabay tayo ko at nagsimulang maglakad.

Di pa man ako nakakapanik ng hagdan, narinig kong muli siyang nagsalita. "Make sure na sa ngayon, olay ka pa. Dahil pag pinatagal mo pa yan, lalo kang mahihirapan."

"Don't worry, I'm okay." then direktso na ko sa taas hanggang kwarto ko. Pahinga lang ng konti tapos natulog na ko.

Kinabukasan, balik ulit sa dating gawi. Gising ng maaga then pasok sa school. Sabay kami pumasok ni Sungyeol Medyo nakakapanibago nga eh kasi iba siya ngayon.

Paanong iba?

Basta! IBA TALAGA.

Matino siya ngayon. haha :D

Di naman kami masyadong nag-uusap sa daan. Oh di ba kakaiba siya ngayon?

Walang bangayan, walang ingay, walang asaran. Di tuloy ako sanay.

Hayy.. mas okay naman na toh eh...

Di pa man ako nakakarating sa gate, nakita ko na mukha ng demonyo sa buhay ko.

Kailan pa ba ko nakatira sa impyerno?

Bakit parang hindi ko alam?

HAYYY BUHAYYY..... >.<

I saw him smiled as I approached the front gate.

"Good morning, babe." then hinalikan niya ko sa cheek.

Babe? OMG. Pwede bang masuka? Err!

Napatingin ako kay Sungyeol sa likod ko. Nakatingin naman siya kay Hoya. Buti na lang sa cheek lang ako hinalikan ng demonyong toh. Mukhang aware siya sa presence ng kambal ko ah. MABUTI!

"Tara na?" yaya niya.

Tumango lang ako at naglakad na kami papasok sa school. Si Sungyeol naman, nakasunod lang.

Well.. okay naman saken yun. At least behave lang si Hoya pag nandyan siya.

Hinatid ako Hoya at parang ganon na rin si Sungyeol kasi nga nakasunod siya di ba? So, parang hinatid nila kong dalawa. Pinaalis ko naman sila agad pag karating na pagkarating namin sa harap ng classroom ko. Sinunod naman nila ako. Mabuting mga bata. haha

Pumasok na ko ng classroom after kong makita si Sungyeol at Hoya na umalis. Nadatnan ko naman si Lay na nasa upuan na niya. Umupo na rin ako sa seat ko pero di ko siya binati o ano pa man.

Ewan ko pero parang di ko kayang kausapin si Lay eh.

Well, ganon din naman siya.

Yun nga lang, saglit lang kasi bigla ko siyang narinig na nagsalita.

"Do you really love him?"

Nanaman? Ayan nanaman ang tanong?

Do I really love him?

Malamang hindi. Tss!

"Yes." I answered.

Ano pa bang inaasahan niyong isasagot ko? Di man yan ang tamang sagot, ayan ang dapat kong isagot sa kanya. Gusto ko man masuka sa sarili kong sagot, wala na kong magagawa. I started it so I need to finish it also. Di ko nga lang alam kung kailan ang katapusan nitong parusang toh.

"Thank you." narinig kong sabi niya.

Napatingin naman ako sa kanya. "What?"

Hinarap niya ko then he smiled, "Basta, salamat. i'm happy so thank you."

Napalunok ako don pero pinilit ko ang sarili ko na tanungin siya. "How is your relationship with Seohyun?"

Ngumiti siya ng napaka-lawak at alam kong hindi peke yun kundi totoo, "We're good. Actually, wala kaming problema."

"Oh.. that's good to hear. I'm happy for you."

"Yeah. Thank you."

hayy... nagte-thank you siya kasi kami ni Hoya at dahil don ay maayos na sila ni Seohyun.

Ang sakit. Gusto kong umiyak pero hindi pwede. Gusto ko siyang sumbatan pero hindi ko magawa. Mahal ko siya eh.

Oo, mahal ko na siya. hindi ko alam kung pano pero bigla na lang nangyari. Pigilan ko man, mukhang di ko na kaya pa.

Nararamdaman kong tutulo na ang luha ko anytime kaya naman tumayo na ko kaya lang biglang nagsalita si Lay. "Where

are you going."

"CR lang." ayan lang nasabi ko sabay tumakbo na ko palabas. Dumeretso ako sa roof top at doon inalabas ang sama ng loob ko. Di na ako bumalik ng classroom dahil gusto ko munang pagaanin ang loob ko at ilabas ang luha ko.

That moment, wala akong ibang ginawa kundi ang umiyak lang ng umiyak...

CHAPTER 18

Lunch time na pero nandito pa rin ako sa roof top. Hindi ko na kasi pinasukan yung first 4 subjects ko. Mukhang di rin naman kasi ako makakapag-concentrate kung sakaling pinasukan ko pa yun.

Alam niyo naman yung conversation namin ni Lay kanina di ba?

Halos ipagtulakan na niya ko kay Hoya dahil sa pagpapasalamat niya. Feeling ko mas gusto niya pa ang nangyayari ngayon. Feeling ko nawala na sa isip niya yung concern niya about sa relationship ko kay Hoya.

Akala ko pa naman nag-aalala siya saken dahil isang playboy ang boyfriend ko. Eh mukhang nagkamali ako, maling-mali.

Nawala ba concern niya dahil okay na sila ni Seohyun ngayon? Dahil ba wala ng Hoya na pwedeng manggulo sa kanila?

Ganon-ganon na lang ba? Wala na ako sa eksena?

Ano ka ba, Hyesu? Di ba ikaw naman mismo nagdesisyon nito? Bakit parang nagsisisi ka na ngayon?

Hayy.. Tama! Ito ang desisyon ko kaya dapat kong panindigan. Masaya na si Lay. Ito naman ang gusto ko di ba?

He's already happy so I need to be happy for him too. Tatal ako

naman may kagagawan nito, kailangan ko na lang tanggapin.

Tumayo na ko sa kinauupuan ko sabay naglakad papuntang canteen. Nakita ko naman agad sila Lay at Seohyun pero mukhang di nila ako napansin. Eh pano, busy sa isa't isa.

Oops! Bawal ako magreklamo. Kailangan nga maging masaya ko sa kanila di ba?

Ipinagpatuloy ko ang paglalakad hanggang sa marating ko ang table ng friends ko. Nandun din si Hoya na siya namang sinalubong ako ng halik.

Mukhang nasanay na ko dun. Eh yun naman ang hilig niya eh. May bago ba dun? Wala naman.

Imbis na mag-isip ako ng malayo, itinuon ko na lang ang sarili ko sa pagkain. Kagutom din umiyak ah.

"Hyesu, bakit pala di ka pumasok kanina?" bigla namang tanong ni Jiyeon.

Natigilan ako sa pagkain habang unti-unting inangat ang ulo ko. Nakita ko namang nakatingin silang lahat saken. Halatang naghihintay ng isasagot ko.

Iniwas ko na lang ang tingin ko sa kanila at hinarap ulit ang pagkain sabay sila sinagot. "Bigla lang sumakit ang ulo ko kaya nagpahinga muna ako sa canteen. Don't worry, okay na ko. Aattend na ko ng mga remaining classes natin."

Mukhang naniwala naman sila. Balik agad sila sa pagkain eh. Pero alam kong meron paring hindi kumbinsido dun.

Sino pa ba?

Eh di si Sungyeol at Chen.

Pero gaya ng dati, di ko na sila pinansin. Ayoko ng magpaliwanag. Saka na lang. Pagod ako eh. Pagod sa kakaiyak kanina. Buti na lang at hindi pansin ang medyo nagmumugto kong mga mata.

Mabilis namang natapos ang lunch break kaya balik na ulit kami sa mga kanya-kayang klase namin.

So, eto ako ngayon kasama ang bestfriend ko papuntang classroom namin. Narating naman namin agad at saktong dating rin ng Prof namin.

Di nagtagal, natapos rin ang araw. Uwian na. Sa wakas, makakapagpahinga na rin.

Nagpaalam na ko kay Jiyeon na mauuna na ko. Um-oo naman siya tatal sabay naman daw sila ni Myungsoo. Ano bang bago? Lagi naman sila sabay eh.

Lumabas na ko ng classroom at oalabas na rin sana ng school ng may biglang humigit saken at hinalikan ako.

Si hoya. Sino pa ba?

"San mo naman balak pumunta?" tanong niya.

"Pagod na ko eh. Pwede bang bukas na lang tayo lumabas?"

"No, I need you now."

"Wha-" bago pa man ako makapagtanong, hinila niya na ko papasok ulit ng school at sabay diretso sa isang empty classroom.

"Yah, anong ginagawa natin dito?" I asked.

Di niya ko sinagot instead he pinned me on the wall and aggressively kissed me. Pilit ko siyang itinutulak pero ayaw niyang paawat.

Anong balak niya saken?

Biglang kumabog ang dibdib ko sa kaba. Iba ang Hoyang kasama ko ngayon. Demonyo na siya dati pero mas naging demonyo siya ngayon.

Maya-maya, humiwalay na siya saken. Tiningnan ko siya ng masama, "Ano sa tingin mo ginagawa mo?"

"I already told you, I need you

now. As in right now."

"What?! Ano bang pinagsasabi mo?"

"Don't be stupid, my toy. I need you, I need your body NOW!" with that, he kissed my neck and grabbed one of my breast and squeeze it.

Nanlaki mata ko. Ngayon, alam ko na ang gusto niyang mangyari. Hindi ko inaasahang aabot sa ganito ang hihilingin niya. Hindi toh pwede, hindi ko pwede ibigay sa kanya. HINDI PWEDE!

"Hoya, stop!" I said silently.

Hindi siya tumigil at ipangpatuloy niya lang ang nasimulan niya.

"Stop this, Hoya. Please stop.." tumulo na ang mga luha ko habang pinakikiusapan ko siya pero mukhang naging bingi na siya. Mukhang wala siyang naririnig dahil tuloy pa rin siya sa ginagawa niya.

Maya-maya may narinig akong tunog ng nawarat na damit. At ayon, na-realize ko na yung uniform ko na pala yon.

"Hoya, maawa ka saken." sabi ko habang umiiyak pa rin.

"Stop talking, will you? Just enjoy what we're doing. You'll love this, promise."

"Don't do this, please.." pinilit ko siyang itulak pero nanghihina na ko ngayon. Isa pa, mas malakas siya saken so wala talaga akong laban.

Iniyak ko na lang ng iniyak toh. Wala naman na kong magagawa eh. Pero ayokong sumuko kaya naman inipon ko muna yung lakas ko bago sumigaw. "SOMEONE HELP ME!!!! TULUNGAN NIYO KO!!!! TULO-" napatigil ako dahil bigla akong hinalikan ni Hoya para matigil ako sa pagsigaw.

Kahit anong pilit ko siyang itulak, walang nangyayari. Sobra na ang panghihina ko sa ginagawa niya.

Di nagtagal, may biglang nagbukas ng pinto at agad-agad inilayo si Hoya saken at sinuntok ito.

Kilala ko yung taong yon, kilalang-kilala...

CHAPTER 19

BUUGGS!

Si Sungyeol, sinuntok ulit si Hoya. Yeah, tama. Si Sungyeol nga ang dumating.

"Gago ka ba?! Ano sa tingin mo ginagawa mo HA?!" galit na sigaw ni Sungyeol kay Hoya.

Ako naman, eto nag-iiyak lang. Hanggang ngayon, takot pa rin ang nararamdaman ko. Alam kong safe na ko dahil nandito na ang kambal ko pero di ko maiwasan na kabahan.

"Sungyeol? Anong ginagawa mo dito?" tanong ni Hoya na magkasalubong ang mga kilay.

"Nagawa mo pa talagang itanong yan ah? Ang kapal ng mukha mo!"

BUUGGS!

Again, sinuntok niya ulit si Hoya na naging dahilan ng paghagis ni Hoya sa sahi. Tumayo naman agad siya para gantihan ng suntok ang kambal ko pero hindi niya nagawa. May pumigil kasi sa kanya, si Myungsoo.

Sumunod na rin pala ang iba pang kaibigan ni Sungyeol pati na rin sila Chen nandun din. Si Jiyeon naman ang lumapit saken at tinakpan ako. Malaki na kasi yung warat ng uniform ko.

Niyakap ko naman siya at nag-iiyak lang. Wala na talaga kong ibang magawa kundi and umiyak lang. Marahan namang hinimas ni Jiyeon ang likod ko para mas gumaan ang pakiramdam ko.

Habang nakayakap ako kay Jiyeon, naaninag ko pa rin ang

mga nangyayari sa paligid. Nakita kong may sumuntok muli kay Hoya but this time, hindi na si Sungyeol kundi si Chen.

"Sabi ko na nga ba eh! Wala kang magandang magagawa! Buti na lang at tanga ka, dito mo siya pinagtangkaan sa school at nahuli ka namin. Gago ka!" at sinuntok pa ni Chen ng isa pagkasabi niya nun.

Susuntukin na rin sana ulit ni Sungyeol pero humarang na sa gitna nila si Sunggyu at nagsalita. "Bilang leader ng grupo, gusto kong itigil na natin toh." tumingin siya kay Hoya, "Kung gusto mo pang mabuhay, umalis ka na ngayon bago ka pa mapatay nitong si Sungyeol. At siguraduhin mong hindi ka na magpapakita samin. Simula ngayon, pinuputol ko na ang kaugnayan mo samin. Simula ngayon, burado ka na sa grupo. Kung hindi mo gagawin yun, bago ako na makapatay sa'yo. ALIS NA!" sigaw ni Sunggyu.

Mukhang nagulat naman si Hoya dun. Kahit ako nagulat dun pati na rin ang iba. Ngayon ko pa lang kasi ata nakitang nagalit tong si Sunggyu. Kakaiba pala. Parang kaya talagang pumatay.

Kumaripas naman ng takbo palabas si Hoya. Halata sa mukha niya ang takot nang madaan siya samin ni Jiyeon.

Lumapit naman si Sungyeol saken. Hinubad niya yung coat na suot niya at isinuot saken. Tapos kinarga niya ko sa likod niya. "Iuuwi ko na toh. Umuwi na rin kayo. Saka na natin pag-usapan toh." then lumakad na palabas si Sungyeol habang karga-karga ako sa likod niya.

Tahimik lang kami ni Sungyeol habang pauwi. Nakangudngod lang ang mukha ko sa balikat niya habang umiiyak pa rin ng tahimik. Si Sungyeol naman, hinahayaan lang akong umiyak.

Di nagtagal, narating din namin ang bahay. Pumasok naman agad kami at dadalhin na sana ako ni Sungyeol sa kwarto ko pero pinigilan ko siya.

"Pwede dito muna tayo sa sala?"

"Kailan mo pang magpalit ng damit."

"Mamaya na lang." sagot ko.

"Are you sure?" tanong niya.

Tumango lang ako. Sinunod naman niya ko. Maingat niya kong inupo sa couch sa may sala sabay tumabi sa tabi ko.

Tumahimik na ulit. Walang nagtangkang magsalita. Walang gustong mag-open ng topic.

Maya-maya lang, narinig ko na siyang nagsalita. "Bakit di mo sinabi saken? Bakit di ka humingi ng tulong? Di ba sabi ko sa'yo pag hindi mo na kaya, sabihij mo lang saken at ako na ang bahala? Pero bakit wala akong narinig na kahit anong reklamo sa'yo?"

Di ko siya nilingon pero sinagot ko naman siya. "Gustuhin ko man, hindi pwede. Sa kalagayan ko, hindi mo ko maiintindihan."

"Paano ko nga maiintindihan kung wala kang sinasabi saken? Kahit lang man yung about kay Lay, sana sinabi mo saken."

Napalingon naman ako sa sinabi niyang yun, "Pa-paano mo nalaman?"

"Kanino pa? Bukod sa'yo, sino pa sa tingin mo ang may alam?"

Napahinto ako dun then I asked, "Si Chen?"

"Sa kanya nagawa mong sabihin pero saken hindi. Ako pang kambal mo ang di mo napagsabihan. Kung alam ko lang, sana sa umpisa pa lang nailayo na kita kay Hoya."

"I'm sorry.." yung lang ang kaya kong sabihin sa kanya sa mga oras na toh.

Nilingon niya ako at tinitigan ng panandalian, "Don't be sorry. Nagawa mo lang yun dahil nagmahal ka. Halika nga dito."

tapos niyakap niya ko.

"Namiss ko ang kambal ko." rinig kong sabi niya. Napangiti ako dun kasi kahit ako namiss ko rin siya. Ginantihan ko din siya ng yakap.

"Gusto mo tabi tayo matulog ngayon?" rinig kong tanong niya. Tumango lang ako, "Dun tayo sa kwarto mo."

"Dito na lang tayo sa sala."

Napaangat naman ang ulo ko dun, "Dito?"

Tumango siya at ngumiti, "Oo, dito sa sala tulad nung mga bata pa tayo."

Nangiti ulit ako ng maalala ko yung mga moments namin ni Sunyeol nung mga bata pa kami. Mahilig kasi kaming mag-camping dito sa sala together.

Camping?

Oo, yan ang tawag namin dun dati. Eh bata pa naman kami nun eh. Kaka-miss din yun ah. Namiss ko yung pagiging closeness namin ni Sungyeol before.

At ngayon, muli naming ibabalik.

Nung gabi ngang yun, natulog kami ni Sungyeol sa sala na magkatabi. Mga madaling araw na rin kami ng makatulog. Nag-remisce pa kasi kami ng mga childhood days namin eh. Kahit papano, gumaan ang pakiramdam ko nung gabing yun. Yung takot at lungkot ko, napalitan ng konting saya. Kahit konti lang yun, at least nabawasan ang takot at lungkot na nararamdaman ko.

Salamat sa kambal ko. Salamat sa kuya ko. Salamat kay Sungyeol...

CHAPTER 20

Kinabukasan, may papasok na naman pero di na muna ako pinapasok ni Sungyeol. Magpahinga na lang daw ako

dito sa bahay.

Di ko naman siya sinuway. Sa totoo lang kasi, ayaw ko muna humarap sa kahit na sino. Ayoko pa muna. Nahihiya ako sa mga maling desisyon ko. Nahihiya ako sa kanila.

Pagkaalis ni Sungyeol, inayos ko na ang sarili ko at nagkulong na lang sa kwarto ko. Sabi nga ni Sungyeol, magpahinga daw di ba? Eh di yun na lang ang gagawin ko. Wala naman akong ibang gaawin eh.

Mga tanghali nun, may biglang kumatok sa pinto. Pagbukas ko, nakita ko naman sila Jiyeon, friends ni Sungyeol pati sila Kris. Si Sungyeol din nandun. Si Chen lang ang kulang.

Tinanong ko sila pero wala ni isang sumagot. Parang di ata narinig or nagbingi-bingihan lang?

"Bakit pala ang aga niyo? May klase pa kayo di ba?" tanong ko.

"Nandito kami para ipagluto ka." -Woohyun

"Lahat kayo?!" gulat kong tanong.

"Bakit hindi?" -Sungyeol

Napatingin naman ako sa kanya pero nginitian niya lang ako. Napangiti na rin tuloy ako at pumayag. Pinaupo nila ko sa sala at dun na lang daw ako maghintay. Ginawa ko naman.

Maya-maya lang, natapos na sila. At grabe, ang dami nilang niluto. Akala mo may fiesta sa sobrang dami eh.

Pero in fairness, lahat masarap. Grabe ko siyang na-enjoy. Ang dami ko ngang nakain eh. Nakalimutan ko na na may muntik na mangyari saken na masama sa sobrang sarap ng mga pagkain. Pampalimot ata ng problema ang recipe na yun eh. Hehe.

Nakapagdesisyon silang wag ng pumasok sa mga klase nila sa hapon. Naisipan din nilang mag-

sleep over sa bahay. Tatal naman daw walang pasok kinabukasan. Si Jiyeon naman pinayagan agad ng parents niya kasi samin naman daw kaya safe siya. Wala rin namang problema sa boys, kaya naman dae nila mga sarili nila eh.

Mga 6pm siguro na yun nang may biglang kumatok sa pinto. Ako na nagpresinta na magbukas ng pinto.

Pagkabukas ko, mukha ni Chen ang sumalubong saken. Napangiti naman ako. "Akala ko, nakalimot ka na eh." biro ko.

Pero seryoso lang ang mukha niya. Nawala tuloy ngiti ko at kumunot ang noo, "hoy, masyado kang serious ah."

Di siya nagsalita instead gumilid siya ng konti at laking gulat ko nang makita ko si Lay na lumitaw sa likod niya. Napatingin ako kay Chen na may pagtataka.

"He wanted to talk to you." - Chen

"Chen..." nasambit ko.

"Sige na, makipag-usap ka na. Pasok lang ako sa loob. Sasama ko sa sleep-over noh." then nilagpasan niya na ko at tuluyan ng pumasok sa loob. Kami na lang ni Lay ang naiwan.

"Can we talk somewhere?" tanong ni Lay.

I just nodded my head, "Tara." tapos nauna na ko maglakad palabas. Sumunod naman siya.

Huminto kami sa park at umupo sa isang bench doon. Sa una, katahimikan lang ang namagitan saming dalawa hanggang sa simulang niya ang conversation.

"You friend Chen told me everything."

Yun pa lang ang sinasabi niya, nanlaki na mata ko sa gulat. Napatingin ako sa kanya, "Anong sabi niya?"

"He told me that you became Hoya's girlfriend because of me."

Napapikit naman ako dun ng bahagya pero pinilit ko pa rin ang sarili ko na tanungin siya. "Yun lang ba?"

"He also told me that you have feelings for me."

Sinabi ni Chen? Pero bakit?

"Don't be mad at your friend. He only told me about this because he's worried about you. Alam ko na rin na alam mo yung about kay Seohyun and Hoya. Naging boyfriend mo si Hoya kasi gusto mong maging maayos kami ni Seohyun. I'm sorry, Hyesu."

"You don't have to be sorry. Wala ka namang ginawa saken eh."

"No, I'm really sorry Hyesu. Dahil sa sobrang pagmamahal mo saken, nagawa mong pasukin ang ganong bagay para lang di ako malungkot. Salamat din pero Hyesu," huminto siya at hinarap ako, "..hindi ko kaya suklian ang pagmamahal mo."

Pagkasabi niya nun, parang gusto ko na naman umiyak pero pinilit kong ngumiti sa kanya. Hayy.. Hanggang ngayon, ang peke pa rin ng ngiti o tawa ko.

Sabay ko naman iniwas ang tingin ko sa kanya at umiling, "Hindi ko naman sinabing suklian mo. Okay na ko na masaya ka. Kung masaya ka, pipilitin ko na kang maging masaya rin. Alam kong mahihirapan ako pero kakayanin ko toh. Saka isa pa, mawawala rin naman tong nararamdaman ko per sa ngayon, hayaan mo muna ako. Kailangan ko lang ng time para mawala toh ng tuluyan. Di ko rin naman ginawa yun dahil gusto kong mapansin mo ko. Ginawa ko kang yun dahil masaya ko pag masaya ka. Kaya wag ka na mag-sorry saken dahil di mo kayang suklian ang pagmamahal ko sa'yo. Ayoko na makarinig pa ng sorry sa'yo, okay?"

Tumitig lang siya saken at hindi nagsalita. Kita ko ang pang-aawa niya saken.

Ngumiti kang ako, "Ano ka ba! Wag ka nga tumingin ng ganyan saken. Friends pa rin naman tayo di ba?"

Di ulit siya sumagot.

"Di ba?" inulit ko.

This time, nag-react na siya. Ngumiti at tumango. "I'll always be your friend, Hyesu."

Ngumiti rin ako, "Eh di mabuti. So pano, una na ko. Uwi ka na rin. Maggagabi na rin oh.."

Tumayo na ko, "Kita na lang tayong school. Bye, friend!" kumaway ako na may ngiti sa labi ko bago ako tumalikod.

Pero sa pagtalikod ko, nawala naman agad ang ngiti sa labi ko. Hanggang ngayon, ang peke ko pa rin.

Seriously, not all laughs are real. Always remember that!

EPILOGUE

Mahigit tatlong buwan na rin ang nakakalipas. Di na rin lumitaw si Hoya. Natakot na siguro. Aba dapat lang!

Nakalimutan na rin namin kahit papano yung mga nagyari nitong nakaraang tatlong buwan. Tapos every weekend, nagsleep-over ang barkada sa bahay. Maluwag naman daw kasi kaya ayon, naging usual thing na namin yun. Super saya nga eh! Dami kong tawa sa kanila. Ang kukulet eh. Haha

Kami ni Lay?

Ayon, ayos naman kami. Magkaibigan kami. Oo, friends lang. Tanggap ko na na wala kaming pag-asa magkasama as a couple. Nawala na rin ang nararamdaman ko sa kanya. Bukod sa friend na turingan,

wala na. As in wala na talaga.

Sila ni Seohyun?

Going strong pa rin. Lalo ngang naging sweet sa isa't isa eh. Kung dati naiinggit ako sa tuwing nakikita ko silang magkasama, ngayon naman kinikilig na ako. Grabe kasi sila maglambingan eh, akala mo nanonood ka lang ng mga palabas sa TV. Lalo pa, ang gwapo at ang ganda nitong couple na toh.

Si Sungyeol at girlfriend niya?

Pinakilala niya na saken last month. Akala ko nga wala ng balak eh. Well.. maganda naman siya. Si Soyeon. Taga ibang school siya kaya madalang lang namin siya makasama. Ayos naman siya kasama. Magkasundo nga kami eh.

Si Sungyeol towards saken?

Ayon! Napakalaki ng pagbabago. Ang bait na niyang kuya. Oo, kuya na nga ang tawag ko sa kanya. Karapat-dapat naman kasi yun sa kanya. May bangayan pa rin naman pero di na tulad ng dati na maya't maya. Tuwing umaa na lang bago pumasoksa school. Haha. Basta, okay na kami ngayon. Madalas na rin kasi kami mag-bonding.

Si Chen?

Ganon pa rin, mahilig manita. Lahat naman kasi sinisita niya. Pero malaki ang pasasalamat ko diyan. Kundi dahil sa kanya, di ko makakausap si Lay pati hindi ko rin mailalabas ang nararamdaman ko kay Lay before. Salamat sa kanya. Sobrang salamat.

Jiyeon and Myungsoo?

Walang pagbabago. Sila pa rin. May kailangan bang magbago sa kanila? Wala naman di ba?

Ang iba pang kabarkada?

As always, makulet pa rin sila lalo na pag nagsama-sama. Masaya ako kasi nagkasundo

ang mga friends ko pati ang friends ng kambal ko. Astig kaya!

Ako?

Eto, naghihintay ng taong makakapagpatawa saken ng totoo. Ayon lang, ayos na!

So, eto ako ngayon, naglalakad na papasok. Di ko kasabay si kuya. Dadaanan pa daw niya si Soyeon eh. Monthsary kasi nila kaya kailangan niyang ihatid. Usual yun pag monthsary nila. Ayos lang naman saken yun. Madalas kasi may sumpung yun pag umaga eh. Di ba nga madalas kami magbangayan pag umaga? Umaga lang naman..

So eto na, malapit ko na marating ang school nang...

BEEP*BEEP

Tunog ng busina ng sasakyan. Nakita kong may paparating na sasakyan sa kanan ko.

OHMYGOSH! Ito na ba ang wakas ng buhay ko?

Napapikit na lang ako, naghihintay na may sumakit saken. Pero wala, walang-wala.

Unti-unti ko dinilat ang mga mata ko at bumungad naman ang napakagwapong nilalang sa harapan ko.

Ano na naman toh? Replay? Bakit ganito ulit? Bakit may nanaman sumagip na gwapo saken? Masasaktan na naman ba ulit ako?

Wala na akong ibang inisip. Kahit ano oa man mangyari kailangan ko na siya tanungin ngayon pa lang. Kailangan kong makasiguro.

Tinitigan ko siya sa mga mata niya bago ko siya tanungin.

"May girlfriend ka na ba?"

-END-